
# Ang Kilusang Komunista sa Kordilyera: Pagtatagpo ng ideolohiya at taal na katutubong kultura

NESTOR CASTRO



ANG *COMMUNIST PARTY OF THE Philippines* (CPP) ay isang pambansang kilusang pampulitika na may natatanging *agenda* para sa panlipunang pagbabago. Para maipatupad ang layunin nito, hinahangad nito na igiit ang kanyang lahatang-panig na pamumuno at pananaig, sa iba pang mga kilusan, organisasyon, partido o institusyong pampulitika.

Ang CPP ay may panrehiyong organisasyon sa Kordilyera. Sa rehiyong ito, hinahangad ng kilusang komunista na igiit ang dominasyon nito sa larangan ng pulitika. Gayunpaman, hindi simpleng mga partidong pampulitika, tulad ng Partido Lakas-Tao (LAKAS) o Laban ng Demokratikong Pilipino (LDP), ang katapat ng kilusang komunista. Kailangang harapin ng kilusang ito ang mga katutubong institusyong pampulitika ng mga taga-Kordilyera.

Ano kaya ang dinamismo ng ugnayan ng kilusang komunista at ng katutubong mga institusyong pampulitika sa Kordilyera? Ano kayang mga proseso ang nagaganap sa pagsasalubong ng dalawang ito? Ito ba'y nagtutunggalian, nagsasanib, tumutugma sa isa't-isa o di kaya'y nilalamon


ng isa ang isa pa? Ang mga bagay na ito ang nais tuklasin ng pananaliksik na ito.

Para maisagawa ito, kinakailangang masuri ang pangkalahatang katangian ng kilusang komunista sa Kordilyera. Ang pagsusuring ito ay tatampukan ng sumusunod na mga bahagi: (1) paglalahad ng kasaysayan ng kilusang komunista sa Kordilyera, na nagdidiin sa tampok na mga pangyayari sa kasaysayan nito; (2) ang ebolusyon ng larangang pang-ideolohiya ng kilusan; (3) ang transpormasyon ng panlipunang balangkas na kinapapalooban ng kilusang komunista; at (4) ang pansistemang pag-aaral sa organisasyon ng kilusang ito.

## Ang rehiyon ng Kordilyera

Ang rehiyon ng Kordilyera ay matatagpuan sa gitnang bahagi ng hilagang Luson. Ang rehiyong ito ay binubuo ng limang lalawigan: Benguet, *Ifugao*, Mountain Province, Abra at *Kalinga-Apayao*; at isang lungsod, ang Lungsod ng Baguio. Ang kabuuang sukat ng kalupaan ng Kordilyera ay 1,829,368 ektarya na katumbas sa ikanim (1/6) ng buong isla ng Luson.

Sa kalakhan, lubos na mabundok ang rehiyong Kordilyera dahil dito nakalatag ang bulubunduking Grand Cordillera Central. Ito ang pinakamataas at pinakamalawak na bulubundukin sa Pilipinas. Dito matatagpuan ang ikalawang pinakamataas na bundok sa Pilipinas, ang Bundok Pulag, na may taas na 2,928 metro mula sa ibabaw ng dagat.




Ang populasyon ng Kordilyera sa kasalukuyan ay humigit-kumulang sa 1.1 milyon. Ang mga mamamayan ng Kordilyera ay kolektibong tinatawag na mga "*Igorot*." Binubuo sila ng iba't ibang grupong etnolinggwistiko: ang mga *Kalinga*, *Bontok*, *Isneg* (o *Apayao*), *Tinggian* (o *Itneg*), *Ifugao*, *Ibaloy*, *Kankanaey*, *Kalanguya* (o *Ikalaban*), at iba pang maliliit na grupo.

Dito nakabase at kumikilos ang kilusang komunista sa Kordilyera bagama't may ilang espesyal na yunit ito na nakabase sa Kamaynilaan at iba pang lugar sa labas ng rehiyon para sa ilang ispesyal na misyon. Ang eksaktong mga bayan, barangay o sityong kinikilusan ng kilusang komunista sa Kordilyera ay pabagu-bago dahil may mga lugar na dati nitong kinikilusan ngunit sa ngayon ay iniwanan na dahil sa ilang pagkatalo. May mga lugar namang dinadaanan lamang ng mga puwersa ng NPA pero di-permanenteng pinagbabasehan.

## Ang Kilusang Komunista sa Kordilyera: Likas na kasaysayan

Ang mga tampok na pangyayari sa buhay ng kilusang komunista sa Kordilyera ay ang sumusunod: (a) ang pagkakabuo ng NPA sa *Ifugao*, 1971; (b) ang deklarasyon ng batas-militar, 1972; (k) internal na tunggalian sa pamunuan ng kilusan, 1974; (d) pamumuno laban sa Chico Dam at Cellophil, 1976; (e) ang bugso ng kilusang masa sa mga sentrong bayan ng Kordilyera, 1980; (g) ang pagbubuo ng CPDF, 1981; (h) ang paghiwalay ng CPLA, 1986; (i) ang tigil-putukan, 1987; at (l) ang reorganisasyon ng kilusan, 1988.

### *Ang pagkakabuo ng NPA sa Ifugao (1971)*

Mula nang itatag ang CPP noong ika-26 ng Disyembre, 1968 at ang NPA noong ika-29 ng Marso, 1969, pinangarap na ng liderato nito na makapagtayo ng isang rebolusyonaryong base sa bulubundukin ng Kordilyera. Nagsagawa kaagad ng plano ang Komite Sentral ng CPP na lumipat sa bahaging iyon ng Pilipinas. Sa katunayan, si Amado Guerrero mismo, tagapangulo noon ng CPP, ang namatnugot sa pagsisiyasat tungkol sa partikularidad ng hilagang Luzon. Iniulat niya ang resulta ng "Panimulang Panlipunang Pagsisiyasat sa Hilagang Luzon" sa Komite Sentral. Noong 1970, lumipat na ang CPP sa Isabela mula sa Tarlac. Ang Isabela ang nagsilbing sanayan ng mga kadre't mandirigma ng NPA. Mula rin sa lalawigang iyon, nagpalawak ang NPA patungo sa kalapit na mga pook.

Kabilang sa mga nagsanay sa Isabela si Abrino Aydinan[1] Si Aydinan ay isang *Ifugao* na nakapag-aral sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) sa Diliman at doon siya nakalap bilang kasapi ng kilusang komunista. Sa Isabela pa lamang, mayroon

na siyang naisanib sa NPA na mga *Ifugao* na naninirahan doon.

Noong Enero 1971, ipinadala ang unang *squad* ng NPA sa *Ifugao* na pinamunuan ni Aydinan. Nagsagawa ito ng gawaing propaganda at panunulsol sa limang baryo ng Banaue.

Interesante ang salaysay kung papaano nakapasok sa Banaue ang mga NPA.[2] Noong panahong iyon, may nagaganap na alitang pulitikal sa pagitan ni Gobernador Gualberto Lumauig at ni Alkalde Alipio Mondiguing ng Banaue. Matapos ang pambansang halalan noong 1969, tinambangan ng ilang armadong tao si Gob. Lumauig na nagresulta sa pagiging sugatan ng huli. Pinagsuspetsahan ng militar na may kagagawan dito si Mondiguing kung kaya't iniutos ang pagdakip sa alkalde ng Banaue. Para makaiwas sa pagkakabilanggo, nagtago si Mondiguing sa Hapao, ang kanyang balwarteng pulitikal. Nilapitan si Mondiguing ng bagong saltang mga NPA na nag-alok ng pakikipag-alyansang pulitikal sa kanya. Sumang-ayon si Mondiguing kung kaya't pinahintulutan niyang manatili ang mga NPA sa Hapao at kanya pa itong inarmasan. Ang pakikipag-alyansa ng NPA ay binigyang-matwid nito dahilan sa may pareho namang kaaway ang angkang Mondiguing at ang mga NPA, i.e. ang pamahalaan, na kinakatawan sa *Ifugao* ni Gob. Lumauig, at ang mga sundalo ng AFP.

Sa loob ng apat na buwan, lumawak ang NPA sa apatnapu't dalawang baryo. Gayunpaman, noong Nobyembre 1971, nadakip ng militar si Aydinan. Nagresulta ito ng kawalan ng nakahandang liderato para sa kilusang komunista sa *Ifugao.* Dahilan dito, at sa mga kahirapang dinanas nila sa pagtutugis ng militar, nagkaroon ng demoralisasyon sa hanay ng mga NPA. Lumiit ang saklaw ng baryong kinikilusan ng NPA mula apatnapu't dalawa tungo sa pitong baryo na lamang. Ang kasapian naman ng NPA ay lumiit mula apatnapu't dalawa hanggang maging dalawampu't lima na lamang.

Ang pakikipag-alyansa kay Mondiguing ay maituturing na parehong bentahe at disbentahe para sa kilusan. Sa isang banda, malaki ang naitulong nito para makapasok sa *Ifugao,* makapag- organisa rito at makapag-armas. Sa kabilang banda, tiningnan ito ng iba bilang personal na mga tauhan ni Mondiguing. May mga pagkakataon na kinukwestyon ng mga

tao kung bakit pumunta sa kanilang bayan ang mga NPA samantalang hindi naman si Mondiguing ang kandidato nila. Naigpawan ang suliraning ito nang unti-unti nang nawawala ang orihinal na mga kasapi ng kilusang komunista dulot ng demoralisasyon at pasukan naman ito ng bagong mga kasapi na walang kaugnayan sa mga tauhan ni Mondiguing.

Noong Pebrero 1972, nakarating sa Mayoyao, *Ifugao* ang isang *platoon* ng NPA na kumikilos sa Nueva Vizcaya dahilan sa pagtakas mula sa pagtugis ng Hukbong Sandatahan ng Pilipinas (AFP). Nang Abril ng taon ding iyon, nag-ugnay ang mga yunit ng NPA sa Mayaoyao at ang nasa Banaue at itinatag ang kauna-unahang sangay ng CPP sa Kordilyera. Tinawag ang sangay na ito na "Sangay ng Partido sa Montañosa." Muli na namang nagpalawak ang NPA sa *Ifugao* hanggang sa maabot nito ang hangganan ng mga lalawigan ng Benguet at Mountain Province.

Ang tutok ng mga aktibidad ng kilusang komunista sa Kordilyera nang mga panahong iyon ay tinatawag nitong "gawaing pangmasa." Tumutukoy ito sa mga aktibidad ng kilusan na nakadirekta sa masa ng Kordilyera na di pa kasapi ng CPP. Saklaw nito ang mga gawaing pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos.

### *Ang deklarasyon ng Batas-Militar (1972)*

Humantong sa bagong yugto ang kilusang komunista ng Kordilyera nang ideklara ni Pangulong Ferdinand Marcos ang batas militar noong ika-21 ng Setyembre, 1972. Nilansag ng militar ang mga pribadong hukbo ng mga pulitiko at kinitil ang legal na oposisyon sa kanyang panunungkulan.

Sa hilagang Luson, nawasak ang gulugod ng Partido Liberal at ng iba pang tumututol, sa paraang legal, sa panunungkulan ni Marcos. Mayroong ilan sa kanila na ibinilanggo at may ilang pinaslang. Ang iba naman ay nanahimik na lang o di kaya'y bumalingbing sa kampo ni Marcos.

Sa Kordilyera, nawasak ang sariling puwersa ni Mondiguing. Dahilan dito, nanatiling nag-iisa ang kilusang komunista sa Kordilyera na lumalaban sa rehimeng Marcos. Sa mga nagnanais na labanan ang rehimeng Marcos, iisa ang nalalabing pamamaraan: ang sumapi sa kilusang komunista sa Kordilyera.

Ito ang landas na pinili ng maraming aktibistang estudyante sa Baguio pati na rin ang mga *Igorot* na nag-aaral sa Maynila. Nagtungo sila sa Isabela para magsanay at saka ipinadala sa *Ifugao*.

Ang mga kabataang estudyante ang nagbigay ng bagong sigla sa kilusang komunista sa Kordilyera. Marami sa kanila ang may espesyal na mga kasanayan na naiambag nila sa pagpapaunlad sa kilusan. Ang mga estudyante ng medisina ay nagsilbing mga manggagamot ng kilusan. Ang mga estudyante ng teatro at sining ay nag-organisa para sa pagtatanghal ng mga rebolusyonaryong dula. Ang mga estudyante ng pamamahayag ay nagpalimbag ng mga polyeto. Marami rin sa mga aktibistang ito ang may kasanayan sa pagpapaliwanag at pag-oorganisa.

Isa sa mga gawaing nagpataas sa popularidad ng kilusang komunista sa Kordilyera ay ang gawaing paggagamot. Marami sa bagong mga kasapi ng kilusan ay dating kabilang sa mga samahang aktibista ng mga doktor at nars. Nakapagbigay ng serbisyong medikal ang kilusan sa mga komunidad na di naaabot ng mga doktor ng pamahalaan.

Bukod sa paggamit ng kanluraning medisina, ipinalaganap din ng kilusan ang paggamot sa pamamagitan ng *acupuncture*. Noong una, pumapayag lamang ang kamag-anak ng maysakit na ipa-*acupuncture* ang huli kung tila walang epekto ang isinagawang *baki*, ang ritwal ng pagpatay ng hayop bilang panggagamot. Gayunpaman, nang kumalat ang balita tungkol sa bisa ng *acupuncture*, marami na ang pumapayag na magpa-*acupuncture* kasabay ng pagsasagawa ng *baki*.

Isa pang gawaing nakatulong sa popularidad ng kilusang komunista sa Kordilyera ay ang pagpapatupad nito ng kanyang sistema ng katarungan, lalung-lalo na kung ang nasasangkot ay di taga-Kordilyera na di saklaw ng tradisyunal na sistema ng paglilitis. Dinadakip ang pinaghihinalaang mga magnanakaw ng kalabaw at iba pang kriminal na elemento at nililitis ito sa harap ng publiko. Kapag napatunayan itong nagkasala, pinagmumulta ito o pinapatawan ng iba pang kaparusahan. Higit na epektibo ito kaysa sa sistemang legal ng pamahalaan dahil mas mabilis na nakukuha ng biktima ang hustisya at sa halos lahat ng pagkakataon, ang desisyon ng "rebolusyonaryong hukuman" ay sumasang-ayon sa mga taga-Kordilyera.

Gayunpaman, may mga pagkakataong ang sistema ng katarungan ng kilusang komunista ang mismong lumalagay dito sa alanganin. Ito ay kapag nagdedesisyon ang kilusan na patayin ang ilang pinaghihinalaan o napatunayang tiktik ng pamahalaan. Nagreresulta ito sa kagustuhang maghiganti laban sa mga kasapi ng kilusan ng angkan ng pinaslang. May mga pagkakataong pinatalsik ang kilusang komunista mula sa ilang nayon dahil sa ganitong pangyayari.

Noong 1973, nagpadala ang kilusang komunista ng isang yunit ng NPA sa Abra. Samantala, nabuo naman ang isang organo ng kilusan para sa "puting purok", ang mga lugar sa Kordilyera na wala pang NPA. Ang lahat ng mga yunit na ito ay ipinailalim sa Panrehiyong Komite ng Partido para sa Hilagang Kanlurang Luzon (HKL). Ang panrehiyong organo na ito ay tinatawag ding "IMP" dahil ang teritoryal na saklaw nito ay ang mga lalawigan sa Ilocos, Montañosa at Pangasinan. Nagsimula ring maglabas ng buwanang pahayagan para sa HKL, ang *Dangadang* (Pakikibaka).

Sa mga panahong ito, walang partikular na oryentasyon sa pagkilos sa hanay ng mga etnikong minorya ang kilusang komunista sa Kordilyera. Tanging ginagabayan ito ng mga direktiba sa pambansang liderato ng kilusang komunista.

Ang mga etnikong minorya sa Pilipinas ay itinuturing ng CPP bilang biktima ng *"Christian and Malay chauvinism"* (1970:272). Dahil sa kasalatan sa malalim na pampulitikang oryentasyon na gawain sa hanay ng mga katutubo ng Kordilyera, ang kilusang komunista sa Kordilyera ay nagkasya sa lokal na mga isyu tulad ng pangangalabaw, alitan sa lupain, monopolyo ni Lumauig sa industriya ng *woodcarving*, terorismo ni Lumauig, at iba pa. Ang mga usaping ito ay pilit na iniuugnay sa itinuturing na batayang mga suliranin sa pambansang saklaw, ang "imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo."

### *Internal na tunggalian sa pamunuan (1974)*

Noong 1974, nagsagawa ng pagtatasa ang Sangay sa Montañosa tungkol sa iniunlad nito sa Kordilyera. Naging konklusyon ng naturang pagtatasa na walang pag-unlad na

nagaganap sa puwersa ng kilusang komunista sa Kordilyera kung pagbabatayan ang kasapian ng CPP, ng NPA at ng mga KPB sa lugar. Napansin din ang panlalamig ng pakikitungo ng masang *Ifugao* sa kilusang komunista.

Ang suliraning ito ay iniugat ng Sangay sa kahirapan ng masang *Ifugao* na kilalanin ang NPA bilang sarili nitong hukbo dahilan sa pangunahin itong nagsusulong ng pambansang pakikibaka. Dagdag pa, may kahirapan para sa mga *Ifugao* na unawain ang pagiging bahagi nila sa pambansang nasyon. Bukod dito, may mga isyu na dinadala ang kilusang komunista sa Kordilyera bunga ng direktiba ng pambansang liderato ng CPP na hindi naman angkop sa Kordilyera. Tampok na rito ang kawalan ng pyudalismo sa tradisyunal na lipunang *Ifugao* -- walang malalaking panginoong maylupa, walang mga ***kasama***.

Dahil dito, ipinanukala ng Sangay na itayo ang *Igorot* Liberation Army (ILA) bilang isang hiwalay na hukbo sa NPA. Ang ILA ang magiging rebolusyonaryong hukbo ng mamamayan ng Kordilyera. Ang katawagang "*Igorot*" ay sumasaklaw sa lahat ng grupong etnolinggwistiko sa Kordilyera. Ang panukala sa ILA ay ipinaalam ng Sangay sa pambansang pamunuan ng CPP.

Agad na tinuligsa ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral (KT-KS) ng CPP ang panukala sa pagbubuo ng ILA. Ipinaris nito ang panukala sa panawagan ng Moro National Liberation Front (MNLF) sa NPA na huwag mag-organisa sa Mindanao, Sulu at Palawan. Hindi rin ito kumbinsido na wala ngang pyudalismo sa Kordilyera dahilan sa iniulat ng dokumentong "Pangunahing Panlipunang Pagsisiyasat sa Hilagang Luzon" na maraming panginoong maylupa sa Kordilyera. Gayon man, wala itong binanggit kung sinu-sino ang panginoong maylupang ito at kung saan sila matatagpuan.

Ang *memorandum* ng KT-KS na tumutuligsa sa Sangay sa Montañosa ay dala-dala ng isang nagngangalang Ka Bidang. Ipinadala rin ng KT-KS si Bidang sa *Ifugao* para maidisposisyon doon. Ginamit ni Bidang ang okasyong iyon upang punahin ang pamunuan noon ng kilusang komunista sa Kordilyera. Isinisi ni Bidang ang "kamalian" ng Sangay sa Montañosa sa maling pamumuno ni Ignacio Capegsan sa buong puwersa ng CPP sa Hilagang Kanlurang Luzon.

Kasabay ng mga pangyayaring ito, nalipol ng militar ang buong puwersa ng CPP sa Abra. Napatay ang maraming mandirigma ng NPA at nadakip naman ang iba pa pati na ang kumikilos sa "puting purok" ng Abra. Muli, ginamit ni Bidang ang okasyong ito para tirahin ang pamunuan ni Capegsan. Nanawagan si Bidang ng reorganisasyon ng pamunuan ng kilusan sa rehiyon. Nabuo ang isang Komiteng Rehiyon (KR) na pinamumunuan ni Bidang. Naghabol si Capegsan at ang kanyang mga kakampi. May paratang ang kampo ni Capegsan na sadyang inilipat ni Bidang ang mga tumututol sa huli sa mga lugar na delikado para mapatay. Lumaki nang lumaki ang hidwaan sa pagitan ng dalawang paksyon sa kilusan. Iniukol ang buong taon ng 1975 sa mga internal na pulong para resolbahin ang tunggalian sa loob ng kilusan. Sa proseso, napag-iwanan ang gawaing masa sa buong *Ifugao*.

Noong 1976, nakialam ang KT-KS sa hidwaan sa kilusang komunista sa Kordilyera. Ipinabuwag nito ang itinayong KR dahilan sa di naman binasbasan ng KT-KS ang pagbubuo nito. Nangahulugan ito ng pagbalik sa dating pamumuno ni Capegsan. Tumakbo si Bidang pabalik ng Maynila. Marami ring "nagsibaba" dahil sa demoralisasyon sa naganap na tunggalian.

Ang panahong 1974-75 ay tinatawag ngayon ng kilusang komunista sa Kordilyera bilang "panahon ng kaguluhan." Marami pang di malinaw sa aktwal na mga pangyayari ng panahong iyon dahil sa ang opisyal na bersyon ng mga pangyayari ay ang bersyon ng mga nagwagi sa tunggalian, i.e., ang liderato ni Capegsan.[3] Ipinalaganap ng nagwaging Kalihiman ng HKL ang isang opisyal na dokumentong nagbubuod sa mga pangyayari ng panahong iyon upang mapag-aralan ng bawat kasapi ng kilusang komunista.

Masisilip sa mga pangyayari noon ang panimulang pagkakaroon ng sariling hugis ng kilusang komunista sa Kordilyera na kaiba sa pambansang kilusan. Gayunpaman, ito ay nasikil. Isa pang anggulong dapat tingnan ay ang etnikong dimensyon ng tunggalian. Si Capegsan ay isang *Kankanaey* samantalang si Bidang ay taga-Maynila.

Matapos ang pagsugpo sa panukalang ILA, bumaling ang kilusang komunista sa Kordilyera sa dogmatikong paglalapat

ng mga prinsipyong inilatag ng sentral na pamunuan ng CPP, batay sa dokumentong *"Our Urgent Tasks"* (OUT) ng Komite Sentral. Isinasaad ng OUT na ang anti-pyudal na pakikibaka ang susing kawing sa gawaing masa nito sa kanayunan at ang mga maralitang magsasaka, manggagawang bukid at mababang panggitnang magsasaka ang pinakamaaasahang rebolusyonaryong puwersa sa kanayunan (CPP, 1978:41). Dahil dito, inilunsad ang kampanyang anti-pyudal sa *Ifugao*. Ang pagkakahati-hati ng tradisyunal na lipunang *Ifugao* sa mga ranggo ay itinuring na repleksyon ng makauring pagsasamantala ng naghaharing uri sa pinaghaharian. Ang mga *kadanyan*, ang tradisyunal na saray na may prestihiyo sa lipunang *Ifugao*, ang binansagang mga panginoong maylupa at ikinampanyang boykotin ang ritwal na pagtatrabaho sa kanilang palayan sa pagsisimula ng panahon ng pagpupunla ng palay. Inorganisa naman ang mga *nawotwot*, ang pinakamababa sa ranggo sa kulturang *Ifugao*, dahil diumano ito ang katumbas ng maralitang magsasaka. Ang tradisyunal na pamamaraan ng hatian sa palay ay tinawag na "pyudal na pagsasamantala." Maging ang *ubbo* ay binatikos dahil nagbibigay raw ito ng libreng lakas-paggawa para sa *kadanyan*.

Ipinatupad din ang konsepto ng hakbang-hakbang na pamamaraan ng pag-oorganisa sa mamamayan na nagsisimula sa pagbubuo ng Grupong Tagapag-ugnay sa Baryo hanggang sa maitayo ang Ganap na Samahang Magsasaka. Hindi nito kinilala ang katutubong sistema ng organisasyon ng mga *Ifugao*.

Nagresulta ito ng pagkakawatak-watak ng dati'y mapayapang umiiral na mga komunidad. Pilit na pinag-aaway ang dating magkakamag-anak o magka-ili. Naging mga kasapi ng kilusang komunista ang mga *nawotwot* na walang prestihiyo sa tradisyunal na lipunan. Dahil dito, patuloy na nanliit ang puwersa ng kilusang komunista sa *Ifugao* hanggang sa halos kapantay lamang ito ng lakas nito noong 1973. Kapag may dumadaan na mga NPA sa mga baryo, wala na ang dating masiglang pagbati ng mamamayan. Ni hindi na sila inaalok ng pagkain. Nagpalala pa rito ang mga operasyon ng pagkubkob na inilunsad ng AFP sa *Ifugao* noong 1977 sa layuning "ihiwalay ang isda sa dagat."

*Pamumuno laban sa Chico Dam at Cellophil (1976)*

Noong 1976, di-sinasadyang nakarating sa Tanudan, *Kalinga* ang isang yunit ng NPA mula sa Isabela, ang Pangkat sa Dulong Hilagang Isabela (PDHI), dahilan sa pagtugis ng AFP. Naputulan ng ugnay ang yunit na ito sa kanyang inang-yunit sa Hilagang Silangang Luzon. Dahil dito, nag-inisyatibo na itong kumilos sa *Kalinga*.

Bagama't pinahintulutan ng mga *Kalinga* na manatili ang bagong saltang mga NPA sa kanilang lugar, nanatiling malamig ang pakikitungo ng mga *Kalinga* sa kanila. Para maigpawan ang suliraning ito, pinakasalan ng pinuno ng pangkat, na isang Waray, ang isang dalagang taga-Tanudan. Dahil dito, kinilala siya ng mga taga-Tanudan bilang "kadugo." Binigyan siya ng bagong pangalan -- Ka Sungar -- na nangangahulugang "siyang pumaitaas." Mainit ding tinanggap ng mga taga-Tanudan ang iba pang kasapi ng pangkat ng NPA.

Di kalaunan, nabalitaan ni Sungar ang oposisyon ng mga taga-Tinglayan sa proyektong Chico Dam, na maglulubog ng mga pamayanang *Kalinga* at *Bontok* na nasa tabi ng Ilog Chico para maitayo ang apat na dam na pangkuryente. Humigit-kumulang na 100,000 *Kalinga* at *Bontok* ang mapapalikas sa kanilang tirahan kung sakaling matuloy ang binabalak na mga dam.

Tinungo ng dating PDHI ang Tinglayan upang umugnay sa mga tumututol sa dam. Nag-alok ito ng tulong sa mga *pangat* (tradisyunal na pinuno) para mapigilan ang Chico dam. Malugod na tinanggap ng mga *pangat* ang alok ng mga NPA. Bumase na ang NPA sa Bugnay, Tinglayan, ang ili (nayon) ni Macliing Dulag, ang dakilang *pangat* ng Butbut *Kalinga*. Maraming kabataang *Kalinga* ang sumapi sa NPA upang labanan, sa paraang sandatahan, ang dam.

Noong 1978, nakaugnay ang kilusang komunistang nakabase sa *Ifugao* sa yunit ng NPA sa *Kalinga*. Nireorganisa ang kilusang komunista sa Kordilyera sa apat na sonang gerilya: tig-isa para sa *Ifugao*, Benguet, Mountain Province at *Kalinga*. Sa sumunod na taon, lumipat ang pamunuan ng kilusang komunista sa Kordilyera sa Bugnay upang doon bumase dahilan sa higit na popularidad ng NPA sa lugar na

iyon kaysa sa *Ifugao*. Ipinasok ng kilusan ang de kalibreng mga armas, tulad ng *armalite* at AK-47, sa *Kalinga*. Nagkaroon ito ng malawakang kampanyang pag*recruit* ng mga pulahang mandirigma sa hanay ng mga *Kalinga*.

Napabalita sa buong lambak ng Chico ang paglakas ng NPA. Dinayo ng mga pangat mula sa iba't ibang ili ang Bugnay upang iambag ang kanilang mga kalalakihan sa puwersang panlaban ng kilusan. Sa mga batang lalaki, naging oportunidad ang pagsapi sa NPA upang maging pagbinyag tungo sa pagiging ganap na lalaki. Sa tradisyunal na lipunang *Kalinga*, hindi kinikilalang tunay na lalaki ang hindi pa nakapatay ng kaaway sa pamamagitan ng paglahok sa ekspedisyon ng pamumugot. Sa konteksto ng dekada '70, ang "kaaway" ay sinumang kumikilos upang matuloy ang Chico Dam. Saklaw nito ang mga sundalo ng AFP, mga inhinyero ng National Power Corporation (NPC), mga tauhan ng Presidential Assistant on National Minorities (PANAMIN) at opisyales ng *Kalinga* Special Development Region (KSDR).

Sa loob ng panahong 1977 hanggang 1979, lumawak nang husto ang kasapian ng NPA sa *Kalinga*. Naging madalas ang pagtambang nito sa mga kawal ng 55th Infantry Battalion ng Philippine Army (PA). Sa buong bansa, naging simbolo ang pagtutol ng mga *Kalinga* sa Chico dam ang paglaban ng mamamayan sa rehimeng Marcos. Sa kilusang komunista sa Kordilyera, impormal nang itinuturing ang Bugnay bilang "kabisera ng Kordilyera."

Bagama't sa pangunahin, sinakyan ng kilusang komunista ang tradisyunal na mga pamamaraan ng mga *Kalinga*, tulad ng pakikidigma, basbas ng pangat at paggamit ng *bodong*, may ilang introduksyon ang kilusan sa lipunang *Kalinga*. Isa na rito ay ang pagtanggap ng mga mandirigmang babae sa dating dominyon lamang ng kalalakihan. Ipinakilala din ni Sungar ang pagtutuli sa mga Kalingang kasapi ng NPA. Isa pa, ang *bodong* ay ginawang *multilateral* upang saklawin ang pinakamaraming bayang tumututol sa dam tulad ng *bodong* na idinaos sa Bugnay noong ika-29 ng Disyembre, 1978, na dinaluhan ng mga kinatawan mula sa labing-isang pamayanan sa *Kalinga* at Mountain Province.

Noong 1979, ang Sangay sa Sonang Gerilya sa *Kalinga* ay nagmungkahing itayo ang Anti-Dam Democratic Alliance (ADDA) bilang pinakamalawak na koalisyon ng tumututol sa dam. Ang NPA ang magsisilbing hukbo ng ADDA. Ipinalagay ng sangay na ang anti-dam na pakikibaka ang susing kawing sa kanyang rebolusyonaryong gawain sa *Kalinga* dahilan sa kawalan ng pyudalismo sa lugar. Bagama't may ilang kaibahan ito sa dating panukala tungkol sa ILA, may iisang batayan ang dalawang panukala: ang kawalan ng pyudalismo sa interyor ng Kordilyera kung kaya't kinakailangan ang kakaibang oryentasyon para sa Kordilyera bilang pag-angkop sa partikularidad ng kalagayan.

Binatikos ng Kalihiman ng Rehiyon, na pinamumunuan ni Capegsan, ang mungkahi tungkol sa ADDA sa isang dokumentong tinawag nitong *"Omnibus Comments."* Sinabi nitong naaangkop pa rin ang anti-pyudal na pakikibaka sa Kordilyera sa argumentong ang pamahalaan ang pinakamalaking panginoong maylupa sa Kordilyera dahilan sa pananatiling lupaing publiko ng kalakhan ng lupain sa rehiyon. Dagdag pa, sinabi nitong ang malalaking panginoong maylupa ay kinamkam na ang pinakamayayamang lupain sa kapatagan kung kaya't maliliit na taniman lamang ang nalabi para sa mga taga-Kordilyera. Tinira nang husto nang Kalihiman si Sungar dahil sa mga "kamalian" nitong dalhin ang linyang lantay na antidam. Pinuna rin ang pagdadala ng "mababababaw na panawagan" tulad ng nakasulat sa mga poster na *"Bishop Abellon, Help Us!"* nang dumalaw sa lugar ang obispo ng Philippine Episcopal Church (PEC).

Bagama't hindi natuloy ang pagbubuo ng ADDA, nag-inisyatibo naman ang Sangay sa pagbubuo ng *Kalinga-Bontok* Peace Pact Holders Association, na di nagtagal ay tinawag na Cordillera Bodong Association (CBA).

Samantala, sa lalawigan naman ng Abra, pumutok ang malawakang pagtutol ng mga *Tinggian* sa binabalak na operasyon sa lugar ng Cellophil Resources Corporation (CRC), isang korporasyon na pag-aari ng *crony* ni Marcos na si Herminio Disini. Agad na sinamantala ng kilusang komunista ang sitwasyon sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga kadre nito upang umugnay sa dati nang mga kontak sa lalawigan. Muli,

ginamit ang *bodong* (na tinatawag na *kalon* ng mga *Tinggian*) upang tutulan ang CRC. Noong ika-25 ng Enero, 1979, idinaos ang kauna-unahang inter-probinsyal na *kalon* laban sa CRC sa Tiempo, Tubo. Dinaluhan ito ng humigit-kumulang sa limang daang katao.

Sa huling bahagi ng 1979, pumasok na ang NPA sa Abra sa pamumuno ng isang *Tinggian* na dati nang kumander ng NPA sa Abra noong 1973-74. Tulad sa *Kalinga*, malugod na tinanggap ng mga *Tinggian* ang mga NPA.

Ang pagtutol ng taumbayan sa CRC ay tinapatan ng pamahalaang Marcos ng matinding militarisasyon sa Abra. Maraming pari, madre, seminarista at iba pang taong simbahan na aktibo sa protesta laban sa CRC ang naging wanted ng militar. Nagsipagtago ang mga ito at sumapi sa kilusang komunista. Kabilang dito ang mga paring *Tinggian* na sina Fr. Conrado Balweg, Fr. Bruno Ortega at Fr. Cirilo Ortega, ang dating seminaristang *Tinggian* na si Mailed Molina, at ang paring Ilokano na si Fr. Nilo Valerio.

### *Ang bugso ng kilusang protesta sa mga sentrong bayan (1980)*

Noong ika-17 ng Enero, 1980 inanunsyo ni Marcos ang pag-aalis sa batas-militar. Dahil sa pormal na pag-alis sa pamumunong militar, mayroong ilang kaluwagan sa pamamahayag na pinahintulutan ang pamahalaan. Nagresulta ito ng pagbugso ng kilos protesta sa iba't ibang sentrong bayan ng bansa.

Sa Kordilyera, pumutok ang biglaang mga kilos-protesta ng mamamayan sa Baguio at Bontoc laban sa mga proyektong Chico at Cellophil. Nagmartsa patungo sa Bontoc, Mountain Province ang libu-libong mamamayan ng Chico para magdemonstrasyon sa may himpilan ng AFP. Sinuportahan ang pagkilos na ito ng mga kinatawan ng simbahang Anglican pati na rin ng ilang pulitikong *Bontok* at *Kalinga*. Sa Baguio naman, nag-inisyatibo ang mga estudyanteng *Bontok* at *Kalinga* na nag-aaral doon na maglunsad ng mga rali laban sa dam at sa CRC. Sinuportahan ito ng ilang guro at ng ilang paring Katoliko. Ang mga pahayagan sa Baguio ay lantarang tumuligsa sa pamahalaan kaugnay ng papel nito sa dalawang proyekto.

Agad nakita ng kilusang komunista sa Kordilyera ang potensyal ng hayag na kilusang masa sa mga sentrong bayan ng rehiyon. Pinalakas nito ang kanyang organo para sa "puting purok" upang mapamunuan ang bugsong nagaganap. Binuo nito ang ilang legal na organisasyon para sa mga estudyante na lihim na pinamumunuan ng kilusang komunista. Ang mga sinaunang kasapi ng samahang ito ay ang mga estudyanteng *Kalinga* at *Bontok* na nagmumula sa mga sonang gerilya ng NPA.

Para palakasin ang Komite ng Partido para sa Puting Purok, inilipat ang disposisyon ng ilang kadre mula sa kanayunan tungo sa mga sentrong bayan. Naglipat din ng ilang kadre mula sa Maynila, Pangasinan at La Union tungo sa Baguio. Pinamunuan ng komite ang pagpapaputok ng welga ng mga minero laban sa di-makatarungang kalagayan sa mga minahan sa Benguet.

Noong unang semestre ng 1981, nakadagdag sa disgusto ng mga estudyante sa Baguio ang biglaang pagtaas ng matrikula. Agad na nakakasa ang kilusang komunista sa pagkakataon at pinamunuan, sa pamamagitan ng mga legal na organisasyon nito, ang kilusang boykot ng mga mag-aaral. Sa kauna-unahang pagkakataon sa Kordilyera, sabay-sabay na nagboykot ang mga estudyante ng iba't ibang kolehiyo sa Baguio na nagtagal mula ilang linggo hanggang ilang buwan. Nagmartsa sa Session Road ang 8,000 mag-aaral na may dala-dalang istrimer na "Lansagin ang Diktadurang US-Marcos!" Pagdating ng ikalawang semestre ng 1981, naitayo ang mga sangay ng CPP sa apat na paaralan. Nagpadala na rin ng mga kadreng komunista para sa Bangued, Bontoc, Sagada at iba pang sentrong bayan ng Kordilyera.

*Ang pagbubuo sa CPDF (1981)*

Noong Mayo 1981, nagpulong ang iba't ibang lider komunista ng Kordilyera sa isang sona sa *Ifugao*. Binuo sa pulong na ito ang kauna-unahang Komiteng Rehiyon ng CPP sa Hilagang Kanlurang Luson (KR-HKL). Sa pulong na ito pinagkaisahan ang pagbubuo ng Cordillera People's Democratic Front (CPDF) sa layuning: (a) lumikha ng isang makinaryang lalaban sa "pambansang pang-aapi" na dinaranas ng mamamayan ng Kordilyera; (b) upang kabigin ang mga "panggitnang

puwersa" na matatagpuan sa mga sentrong bayan ng Kordilyera; (k) makatulong sa pagbubuo ng National Democratic Front (NDF); at (d) mahimok ang MNLF na pumanig sa NDF. Sa pulong ding ito, pinagtibay ang burador ng Programa ng CPDF. Binuo rin ang isang espesyal na organo ng CPP na mangangasiwa sa pagpapaunlad sa CPDF.


Isa pang pinagtibay na dokumento sa Plenum na ito ay ang *"Marginal Peasant Economies in the Cordillera Interior."* Dito, kinilala ng kilusang komunista sa Kordilyera ang partikularidad ng rehiyon at ang pangangailangang baguhin nito ang kanyang pamamaraan ng pagkilos. Ayon sa dokumento:

> *Neither feudal nor semi-feudal exploitation could become dominant in the Cordillera interior... A small peasant economy of the owner-tiller type and of a marginal level is dominant in the interior...*Popular in the interior is a traditional wage system which is non-exploitative (CPP-NWLRPC, 1981:5-6).

Ang batayang suliranin ng mamamayan ng Kordilyera, ayon sa dokumento, ay:

> *...(T)he state perpetuating the marginal state of their production and subsistence. In some cases, big merchant. The anti-feudal orientation cannot serve as our key link in the village and district levels for immediately arousing, organizing and mobilizing the peasant masses here (1981:7).*

Binuo ang mga balangay ng CPDF sa mga eskwelahan at sa mga komunidad ng maralitang tagalungsod sa mga sentrong bayan ng Kordilyera. Nagkaroon ito ng ilang kalituhan sa hanay ng puwersa ng kilusan na kumikilos sa mga estudyante sa Baguio. Ang mga estudyanteng minorya ay nasanib sa Demokratiko a Timpuyong dagiti Agtutubo ti Kordilyera (DATAKO, o Demokratikong Kilusan ng Kabataan sa Kordilyera), ang grupo para sa kabataan ng CPDF. Ang mga estudyanteng Tagalog, Ilokano, Pangasinan at iba pa ay nasanib naman sa Kabataang Makabayan (KM). Ang dating mga KM na *Ibaloy, Kankanaey, Kalinga* at *Bontok* ay ipinalipat sa DATAKO. Dahil dito, nagkaroon ng pagkakahati sa puwersa sa hanay ng mga estudyante na nagbunga ng paghina ng kilusan nito noong 1982.




Sa kanayunan naman, iniba ang sistema ng pag-oorganisa. Inuna ang pag*recruit* sa mga *pangat* dahil sa likas na tanyag sila sa mamamayan. Binigyang-diin ang pagmamaksima sa mga katutubong institusyon kaysa sa pagbubuo ng bagong mga organisasyon.

Nanatili ang maraming katanungan sa mga Komite sa Larangang Gerilya tungkol sa mekanismo ng pagbubuo ng CPDF sa kanilang lugar kung kaya't di naging todo ang pagbuwelo nito sa kanayunan. Nagtulak din ang bagong oryentasyon ng pagkilos na ito upang pag-aralan ng iba't ibang yunit ng kilusang komunista sa Kordilyera ang partikularidad ng lipunan na ginagalawan nito. Halimbawa, ang Komiteng Larangan ng *Ifugao*-Nueva Vizcaya ay nagsumikap na unawain ang penomenon na kalat-kalat na pamayanan ng mga *Ifugao* at ang patuloy na paglipat ng paninirahan sa labas ng lalawigan. Dahil dito, nagsagawa ito ng pag-aaral tungkol sa sistemang angkan sa lipunang *Ifugao* na isinadokumento nito sa "Hinggil sa Sistemang Pagkakamag-anak sa Timog Larangan."

### *Ang paghihiwalay ng CPLA (1986)*

Noong 1983, iniutos ng Komite Sentral ng CPP ang pagbubuwag ng mga rehiyong Hilagang Kanlurang Luson (HKL) at Hilagang Silangang Luson (HSL). Kapalit nito, binuo ang Komisyon sa Hilagang Luson. Itinuring ang Komisyon bilang *extension* ng Komite Sentral para sa partikular na lugar ng Hilagang Luson. Karamihan sa pamunuan ng bagong-buong organo ng Partido ay mga nanggaling sa Cagayan. Nagdiin din ang KS na bigyan ng prayoridad ang pag-oorganisa sa matataong lugar kaysa sa liblib na mga komunidad na maliliit naman ang populasyon.

Ang atas na ito ay nangangahulugan ng pagbibigay-atensyon sa pag-oorganisa sa mga pamayanan sa Ilokos at Cagayan kaysa pa sa Kordilyera. Itinuring ang Kordilyera bilang pangunahing sanayan ng mga puwersang ipadadala

sa Ilokos at Cagayan. Maraming Ilokanong NPA ang lumipat sa Kordilyera para magsanay. Lumaki sa antas-kumpanya ang ilang yunit ng NPA sa Kordilyera. May mga kumpanya na kumikilos sa isang espesipikong lalawigan. Naitatag din ang isang kumpanya ng NPA para sa buong Kordilyera, ang Kompanyang Lumabaya, na binubuo ng mga kasaping katutubo sa Kordilyera.

Naging pabigat sa masa ang pagpapakain sa ilan daang NPA na bumabase sa kanilang komunidad. Nagresulta ito ng ilang hidwaan sa pagitan ng mga katutubong taga-Kordilyera at sa mga taga-labas. Kahit na sa pagkain ng mga kasapi, may ilang naganap na alitan tulad ng pagkabagot ng ilan sa kagustuhan ng mga Ilokano na may bagoong sa lahat ng klase ng ulam.

Dumating ang Pag-aalsang EDSA noong Pebrero 1986. Hindi napamunuan ng CPP ang bukal at biglaang pagkilos ng mamamayan dahil nagdesisyon itong boykotin ang eleksyon. Kinilala ng CPP na isang "taktikal na kamalian" ang pagboykot sa eleksyon. Tinanggal si Kumander Bilog bilang Tagapangulo ng CPP. Nagkaroon ng maraming internal na debate sa loob ng kilusan tungkol sa kawastuhan ng estratehiya at taktika nito. Tumampok din ang usapin tungkol sa pangangailangan ng demokrasya sa loob ng kilusan.

Ang mga pangyayaring ito ay nagbigay ng inspirasyon sa ilang elemento ng kilusang komunista sa Kordilyera. Noong ika-7 ng Abril, 1986, idineklara ng 300-kataong Kumpanyang Lumbaya ang paghiwalay nito sa NPA upang buuin ang Cordillera People's Liberation Army (CPLA). Ilan sa namuno rito ay sina Balweg, Molina at Bruno Ortega. Tinira ni Balweg sa publiko ang diktadura ng CPP sa Kordilyera. Nakabig ng CPLA ang dating mga simpatisador ng NPA sa ilang barangay sa hangganan ng Abra-*Kalinga*-Mt. Province. Gayunpaman, minaliit ng CPP ang *split* at pinatampok ang personal na mga "kasalanan" ni Balweg sa "pambababae" at sa "oportunismong pinansyal."

Maging ang Cordillera Bodong Association (CBA) ay nahati sa dalawa: ang mas malaking Cordillera Bodong Administration (CBAd) na pumanig sa CPLA at ang ilang nagpatuloy sa pangalang CBA. Ang huli ay labis na nanghina

nang mapatay ang pangunahing pinuno nito na si Daniel Ngayaan. Ibinibintang sa CPLA ang naganap na pagpaslang.

Ang hidwaan sa pagitan ng CPP at ng CPLA ay humantong sa aktwal na kumprontasyong militar. Noong ika-21 ng Hunyo, 1987, tinambangan ng mga NPA si Balweg at iba pang miyembro ng CPLA sa Abra. Bagama't nakaligtas si Balweg, namatay ang ilang lider ng CPLA at sugatan naman ang iba.

Dahilan sa pantutugis ng NPA, naitulak itong pumanig sa pamahalaang Aquino. Pumasok ito sa kasunduang pangkapayapaan sa pamahalaan at tumulong sa AFP sa pagsugpo ng mga NPA. Dahil sa kawalan ng malinaw na pundasyong ideolohikal, maliban sa kritisismo nito sa CPP-NPA, nilamon na ang CPLA ng anti-Komunistang linya ng militar. Binigyan ito ng sandata ng AFP at sinanay sa kontra-insureksyon. Sa kasalukuyan, inaayos ang intergrasyon ng isang paksyon nito sa Citizens' Armed Forces Geographical Unit (CAFGU).

*Tigil-putukan (1987)*

Bagama't hindi nakabig ng CPLA ang mayorya ng puwersa ng kilusang komunista sa Kordilyera, ang *split* ay nagtulak sa mga nalabi para pag-aralan ang maaaring kahinaan nito sa nakaraan. Nang magkaroon ng pormal na kasunduan sa tigil-putukan sa pagitan ng pamahalaang Aquino at ng NDF noong 1987, sinamantala ito ng kilusang komunista sa Kordilyera para muling magpalakas. Binigyang diin nito ang pagkokonsolida ng kanyang mga puwersa. Inilarga ang pagbubuo ng CPDF, lalo na bilang pantapat sa CPLA at upang sanggahin ang mga paratang ng CPLA. Idinaos noong ika-17 ng Enero, 1987 ang panrehiyong kongresong pulitikal ng CPDF sa Sagada, Mt. Province. Sa pulong na ito ipinagtibay ang bagong Programa ng CPDF.

Ginamit din ng kilusang komunista sa Kordilyera ang panahon ng tigil-putukan upang magdaos ng malalaking rali ng CPDF sa ilang bayan. Sa pamamagitan nito, naipakita niya sa publiko, sa tulong ng *mass media,* na nananatili itong malakas.

Gayunpaman, mayroon ding ilang negatibong epekto ang pagpasok nito sa tigil-putukan. Nakatikim ng pansamantalang

kapayapaan ang maraming bayan sa Kordilyera at nanawagan ang ilang grupong sibiko ng pagpapatigil na sa armadong labanan ng Pilipino laban sa kapwa Pilipino. Kahit na pumalya ang kasundaan sa tigil-putukan dahilan sa naganap na masaker ng mga magsasaka sa Mendiola, nagdeklara ng pagiging Sona ng Kapayapaan ang bayan ng Sagada. Sa deklarasyong ito, hiniling ng mamamayan ng Sagada ang magkabilang-panig, ang AFP at ang NPA, na lumisan sa kanilang bayan.

*Reorganisasyon (1988)*

Natuto mula sa ilang kamalian nito sa nakaraan, muling binuo ng CPP ang panrehiyong organo nito sa Kordilyera ngunit sa ilalim pa rin ng pamumuno ng Komisyon sa Hilagang Luson. Nagkaroon ng reorganisasyon ng istruktura at komposisyon ng mga namumunong komite nito.

Nadakip ng mga ahente ng militar si Capegsan noong ika-6 ng Nobyembre, 1988 habang nagbabalak itong magtungo sa Estados Unidos kasama ng kanyang asawa. Binansagan ng AFP si Capegsan bilang pangalawang kalihim ng Komisyon sa Hilagang Luson.

Pormal namang inilunsad ng CPDF ang Unang Pang-organisasyong Kongreso nito noong ika-23 ng Marso, 1989. Dito, inaprubahan ang isang bagong Programa pati na rin ang Saligang Batas ng CPDF. Nagkaroon ng kakaibang katangian ang CPDF. Isa na itong lihim na koalisyong kinapapalooban ng mga balangay nito pati na rin ng iba pang organisasyon ng NDF sa Kordilyera, tulad ng CPP-NPA, KM, at iba pa. Bukas na rin ito sa pagsapi maging na mga di-minorya.

Kinilala na rin ng kilusang komunista ang independensiya ng mga legal na organisasyong dati nitong pinamumunuan. Bagamat sinisikap pa rin nitong igiit ang kanyang linyang pampulitika sa mga organisasyong ito, kinilala nito na may sariling dinamismo ang legal na mga organisasyon at institusyon na di saklaw ng pang-organisasyong pamumuno ng CPP.

Napalitan na rin ang dating mga namumuno sa kilusang komunista sa Kordilyera. Marami ring iba pang beterano ng kilusan ang nagdesisyon nang magpahinga. Gayunpaman, may bagong henerasyon na ng mga kasapi ng kilusan na nahubog na sa mga bagong oryentasyon at pamamaraan ng pagkilos.

Ito ang kasalukuyang pagpapatuloy sa kilusang komunista sa Kordilyera na bagamat nanghina sa ilang lugar tulad ng *Ifugao* ay malakas pa rin sa mga lugar na tulad ng Lambak ng Marag sa *Apayao*.

## Ang Kilusang Komunista sa Kordilyera: Larangang pang-ideolohiya

Suriin natin ang katangian ng larangang pang-ideolohiya ng kilusang komunista sa Kordilyera. Dahilan sa hindi naman nais suriin dito ang ideolohiya ng iisang indibidwal kundi ang ideolohiya ng isang buong kilusan, makakatulong sa atin ang konsepto ni Schurmann (1968) tungkol sa pang-organisasyong ideolohiya. Sa pamamagitan ng pagbibigay-hugis sa larangan ng ideolohiya, maaari nating maunawaan ang mga aksyon ng kilusang komunista sa Kordilyera. Ayon pa rin kay Schurmann, ang ideolohiya ay maaaring ituring na pamamaraan ng pag-iisip ng isang organisasyon.

Tulad ng nabanggit na, medyo masalimuot ang pagpapaliwanang sa larangang pang-ideolohiya ng kilusang komunista sa Kordilyera. Isang kadahilanan dito ay ang pabagu-bagong ekspresyon ng mga paninindigan at paniniwala nito. Isa rin ay ang ibat-ibang batis ng impluwensiyang pang-ideolohiya rito tulad ng Marxismo-Leninismo, Maoismo, Indihenismo, at iba pa, bukod pa sa katutubong pilosopiya.

Mahahati sa tatlong dimensyon ang larangang pang-ideolohiya ng kilusang komunista sa Kordilyera: (a) ang pananaw-sa-daigdig ng kilusan; (b) ang pangkalahatang linyang pampulitika bilang bahagi ng isang pambansang kilusan at (k) ang partikular na linyang pampulitika para sa Kordilyera.

Ang mga batayan sa paglalatag sa larangang pang-ideolohiya ng kilusang komunista sa Kordilyera ay ang nakasulat na mga dokumento, mga salaysay na di naisulat pati na rin ang pagmamasid sa mga gawi at ritwal ng kilusan.

### *Ang pananaw-sa-daigdig ng Kilusan*

Susi sa pagsusuri sa larangang pang-ideolohiya ng kilusang komunista sa Kordilyera ang pagtuklas sa natatanging pananaw nito sa daigdig. Sa konsepto ng pananaw-sa-daigdig, pangunahing tinutukoy natin ang "*conceptions, explicit and*

*implicit, of a society or an individual of the limits and workings of its world* (Haviland, 1983:431)."

Walang sariling dokumentong inilabas ang kilusang komunista sa Kordilyera na naglilinaw ng pananaw-sa-daigdig nito. Sa halip, ginagamit nito at ipinalalaganap ang mga dokumento ng pambansang mga organo ng CPP. Sa opisyal na pahayag, tumatalima rin ang kilusang komunista sa Kordilyera sa ideolohiya ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong (MLKMZ). Gayunpaman, kung susuriin ang mga gawi ng mga kasapi nito, mapapansing may pagkakaiba ito, kung di man kontradiksyon, sa opisyal na mga pahayag.

Isang instrumento sa pagpapaunawa tungkol sa kaisipang MLKMZ sa mga kasapi nito ay ang pag-aaral ng Batayang Kurso ng Partido (BKP). Noong dekada '70, ang ginagamit na saligan para sa kursong ito ay ang mga aklat nina Marx, Lenin, Stalin, Mao at Guerrero, Mula noong 1979, may inihanda noong teksto para sa BKP ang Pambansang Komisyon sa Eduksayon at Propaganda ng CPP.

Tinatagurian ng CPP ang kanyang pananaw-sa-daigdig bilang "Materyalismong dyalektiko":

> Ang materyalismong dyalektiko ang pananaw sa daigdig ng rebolusyunaryong proletaryo. Bilang pananaw sa daigdig, ito ang batayang pagtingin at pag-unawa ng proletaryo sa iba't ibang usapin hinggil sa kalikasan, lipunan at pag-iisip ng tao. Nililinaw nito sa saligan kung papaano pag-aaralan at babaguhin ng proletaryo ang daigdig (CPP, 1984:1).

Ang materyalismong dyalektiko ay tinitingnan ng kilusan bilang kabaligtaran ng idealismo at kaisipang metapisikal. Ipinaliwanang nito ang pagpapakahulugan nito sa konsepto ng "Idealismo" sa sumusunod: Naniniwala ang idealismo na ang mga bagay at ang buong daigdig ay mga katawang lupa lamang ng isang "makapangyarihang espiritu" -- ang isang kamalayan na lumikha, nangibabaw at nagpapagalaw sa mga bagay at sa buong daigdig. Ang pinakahayag na halimbawa ng ganitong pananaw sa daigdig ay ang paniniwala sa mga pamahiin, misteryo, esipirtu, at ang mga paniniwalang relihiyoso tungkol sa mundo. Pinaninindigan din ng idealismo na maiintindihan ang mundo hindi sa pamamagitan ng mga pandama at siyensya, kundi sa pamamagitan daw ng pagtitiwala

sa kagustuhan o niloloob ng "makapangyarihan espiritu" o "kamalayan" na naghahari sa daigdig (1984:2-3).

Ang nabanggit na mga katangian ng idealismo ay hayagang binabaka ng kilusang komunista sa Kordilyera. Gayunpaman, batay sa aking pagmamasid sa gawi ng mga kasapi ng kilusang komunista sa Kordilyera, makikitang malakas pa rin ang pagkapit sa animismo ng mga kasaping nagmumula sa hanay ng mga minorya. Sa katunayan, naging usap-usapan din sa kilusan ang suliraning maging ang ilan sa pamunuan na nagmula naman sa ibang bahagi ng bansa, ay nahahawa sa katutubong paniniwala ng mga mamamayan ng Kordilyera.

Isa na rito ang paniniwala sa mga pangitain na inihahatid ng pulang ibon na tinatawag na *idaw*. Ayon sa lipad nito at sa kanyang huni, may katumbas itong kahulugan na mangya-yari. Maaari itong babala na huwag lumisan sa lugar dahil may mangyayairng masama o di kaya'y babala na may paparating na mga militar. Naikwento mismo ni Sungar kung papaano siya iniligtas ng *idaw* na dumaan mismo sa harapan niya. Ipinaliwanag sa kanya ng matatanda na paparating ang militar kung kaya't kinakailangang magtago siya. Sinunod ni Sungar ang payo ng matatanda at gayon na nga ang tunay na nangyari -- dumating ang mga sundalo ng AFP.

Sa pagtatapos ng bawat *bodong* o iba pang mahalagang pulong na ipinatawag ng kilusang komunista sa Kordilyera, nagkakatay ng kalabaw o di kaya'y baboy. Binibiyak ng katutubong pari ang tiyan ng hayop upang basahin ang mensahe ng apdo nito. Ginagawa ito habang tinatawag ang mga espiritu ng mga ninuno upang tumulong sa pag-unawa sa mensahe ng apdo. Sa *bodong* na ginanap sa Bugnay noong Disyembre 1978, ang mensahe ng apdo ay "Magiging matagal ang pakikibaka subalit sa kalaunan ay magwawagi ang mamamayan."

Sa isa namang okasyon, naglunsad ng ritwal na pananambang ang mga NPA sa Tinglayan dahil sa nagaganap na peste sa pananim. Pinaputok nila ang kanilang mga armalite at AK-47 sa hangin na tila tinatambang ang di nakikitang masasamang espiritu. Pinuna ito ng Kalihiman ng CPP sa rehiyon bilang pagsasayang ng bala. Gayunpaman, wala itong nagawang anumang aksyong pandisiplina sa mga kalahok sa ritwal.

Maging ang mga Katolikong pari na sumapi sa kilusang komunista sa Kordilyera ay di binitawan ang kanilang paniniwala sa Diyos. Si Balweg mismo, noong NPA pa siya sa *Kalinga* ay madalas na nagmimisa sa mga tao. Nang kapanayamin, sinabi niya na ang konsepto niya ng Diyos ay isang rebolusyonaryong Diyos na panig sa mga inaapi at pinagsasamantalahan.

Ang mga gawaing ito ay pinupuna ng mga higit na namumuno sa kilusan. Gayunpaman, hindi mapigilan ang paniniwala ng mga kasapi nito sa Bathala o sa mga anito. Higit na kinakailangan nito ang mas maraming puwersang panlaban kung kaya't di mapatalsik ang mga "ideyalista." Bukod pa, walang anuman sa Saligang batas ng CPP na nagsasabing ang paniniwala sa Diyos ay sagka sa pagiging kasapi sa Partido ng isang indibidwal. Ang naging palakad na lamang ay ang pananatiling "kandidatong kasapi" o "KK" ng mga naniniwala pa sa Diyos samantalang ang mga ateista ay maaari nang pasumpain bilang "ganap na kasapi" o "GK".

Ang pagpapasumpa sa mga bagong kasapi ng kilusang komunista sa Kordilyera ay kinatatampukan din ng natatanging ritwal na tinatawag na *sapatá*:

> *Ako, si Kasamang __________, ay nagpapahayag ng aking lubos na pagsang-ayon sa teorya at praktika ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong, sa Programa at Konstitusyon ng Partido Komunista ng Pilipinas, at sa lahat ng desisyon ng mga nakakataas na organo ng Partido at ng yunit ng partido na kinatatalagahan ko.*
>
> *Sumusumpa akong tutupdin ang lahat ng tungkulin ko't responsibilidad sa abot ng aking makakaya, patataasin ang aking proletaryong kamulatang rebolusyonaryo, pagsisilbihang lagi ang mamamayan at maging malapit sa kanila, ipagtatanggol at ipaglalaban ang interes ng sambayanan, pananatilihing mataas ang dangal at prestihiyo ng Partido, pangangalagaan ang seguridad ng Partido at lahat ng aking kasama buhay ko man ang ipalit, buong tapat na pupunahin ang mga kamalian at kahinaan ko at ng aking mga kasama upang mapabuti ang paggawa at estilo ng paggawa batay sa tumpak na makauring paninindigan at upang mabuo*

*ang pagkakaisa't lakas, at isusulong ko ang pagkakataong palaganapin ang Marxismo-Leninismo-kaisipang Mao Zedong at tutupdin ang rebolusyonaryong linyang proletaryo ng Partido.*

Sa Kordilyera, maraming kasong ang ilang matagal-tagal nang kumikilos para sa kilusang komunista ay ayaw pa ring pormal na mag-*sapatá*. Para sa mga katutubo sa Kordilyera, ang tradisyunal na konsepto ng *sapatá* ay may banal na kahulugan: sumusumpa ka sa ngalan ng mga espiritu ng mga ninuno. Sa gayon ipinaliwanag nila na hindi sila basta-basta mangangakong ipagpapalit ang kanilang buhay. Kinakailangang buung-buo na ang kanilang loob na mag-alay ng buhay para sa kilusang komunista sa Kordilyera. Ang ganitong sagradong konsepto ng pagsumpa ay hindi ko natagpuan sa mga kasaping di taal na taga-Kordilyera.

### *Ang pangkalahatang linyang pampulitika ng Kilusan*

Ang isa pang dimensyong nagsasalamin sa ideolohiya ng kilusang komunista sa Kordilyera ay ang pinapanghawakan nitong pampulitikang linya. Ang pampulitikang linya ay ang partikular na paglalapat ng ideolohiya ng kilusan sa aspeto ng pulitika batay sa kongkretong kalagayan ng Pilipinas at ng Kordilyera.

Tinatawag ng kilusang komunista sa Kordilyera na "pangkalahatang linyang pampulitika" ang aspeto ng linyang ito na totoo para sa buong bansa at di lamang sa Kordilyera. Ang pangkalahatang linyang pampulitika na ito ay inilatag ng pambansang pamunuan ng CPP na itinataguyod naman ng kilusang komunista sa Kordilyera bilang pagkilala na bahagi lamang ito ng isang pambansang kilusan.

Ang pangkalahatang linyang pampulitikang ito ay tinatawag na linyang "pambansang-demokratiko." Ayon sa CPP, ang sentral na tungkulin ng Demokratikong Rebolusyon ng Bayan ay "ang pagpapabagsak sa imperyalismong Estados Unidos, pyudalismo at burukratang kapitalismo, ang pag-agaw sa kapangyarihang pampulitika at ang pagpapatatag dito (1984:162)." Para makamit ito, ang pangunahing anyo ng pakikibaka ay ang sandatahang pakikibaka. Ang uring proletaryo ang kinikilala bilang pwersang namumuno sa rebolusyon, na

kinatawan ng partido nito, ang CPP. Ang uring magsasaka naman ang tinatawag na pangunahing puwersa ng rebolusyon kung kaya't sila ang pangunahing pinasasanib sa NPA.

Ang hinahangad na ipalit ng kilusang komunista sa kasalukuyang "mala-pyudal" at "mala-kolonyal" na lipunang Pilipino ay isang lipunang pambansa-demokratiko na may sosyalistang perspektiba.

Batay sa konsepto ng matagalang digmang bayan ni Mao, ang rebolusyon sa Pilipinas ay inaasahang dadaan sa tatlong yugto: istratehikong depensiba, istratehikong pagkakapatas, at istratehikong opensiba. Ang istratehikong prinsipyong pumapatnubay sa pagsulong ng rebolusyon ay ang "kubkubin ang kalunsuran mula sa kanayunan."

Ang tatlong "sandata" ang rebolusyon ay ang Partido (CPP), ang Hukbo (NPA) at ang Pambansang Nagkakaisang Prente. Ang huli ay binibigyan ng depinisyon na "pagkakaisa ng lahat ng rebolusyonaryong uri at sangay na lumalaban sa imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo (CPP, 1984:161)." Laging dapat na pinamumunuan ng CPP ang nagkakaisang prente at laging dapat na sumusuporta ito sa sandatahang pakikibaka. Ang NDF ang pormal na ekspresyon ng pambansang nagkakaisang prente.

Ang pangkalahatang linyang pampulitika ng kilusang komunista ay madaling nakakabisa at nabibigkas ng mga pinuno ng kilusang komunista sa Kordilyera. Gayunpaman, hindi ito gaanong malinaw sa ordinaryong mga kasapi ng kilusan. May pagkakataon pa ngang ang isang *Kalinga* na NPA ay bumigkas ng "Ibagsak ang Pilipinas!" dahil ang konsepto ng bansa ay hindi malinaw sa kanya dahil hindi pa siya nakakalabas ng *Kalinga*. Sa katutubong kamalayang pampulitika ng mga *Kalinga*, walang konsepto ng "bansa" o "nasyon." Ang naabot na kamalayang pampulitika ng mamamayan sa interyor ng Kordilyera ay ang katapatan sa kanilang kinapapaloobang *ili*.

Sa isang pag-aaral ng mga bagong sanib sa kilusan, naobserbahang hirap na hirap ang tagapagturo na ipaliwanag ang konsepto ng proletaryadong industriyal bilang pinakasulong na uri. Hindi pa nakakita ang mga mag-aaral ng pabrika at di nila mawari kung ano ang konsepto ng *assembly line*.

Ang pinakamalinaw para sa marami ay ang paglaban nila kay Marcos dahil gusto nitong ipatupad ang Chico Dam. Si Marcos din ang nagpadala sa mga sundalo ng AFP na nanliligalig sa kanilang mga lugar. Ang mga Amerikano naman ang nagbibigay ng armas sa AFP kung kaya't kalaban din ang mga Amerikano. Ganito kasimple ang lohika ng karaniwang mga kasapi ng kilusang komunista sa Kordilyera tungkol sa konsepto ng rebolusyon.

*Ang partikular na linyang pampulitika para sa Kordilyera*

Ang tinutukoy namang partikular o espesipikong linyang pampulitika ay ang dala-dalang linya ng kilusang komunista sa Kordilyera na akma lamang para sa rehiyon ng Kordilyera dahilan sa pagkilala nito na may partikularidad ang rehiyon na kaiba sa iba pang panig ng Pilipinas.

Madaling sabihin ng mga kasapi ng kilusang komunista sa Kordilyera na itinataguyod nila ang pangkalahatang linyang pampulitika ng CPP. Gayunpaman, agad nilang idudugtong ang pasubaling "pero may kaibhan ang sitwasyon sa Kordilyera." Halimbawa, naniniwala silang "mala-pyudal" ang Pilipinas ngunit aaminin namang hindi suliranin ang pyudalismo sa Kordilyera. Ang ganitong magkatunggaling argumento ay nagagamit ng kilusang komunista sa Kordilyera para patuloy na maging bahagi ng pambansang kilusang komunista habang may sarili naman itong ipinapatupad sa saklaw niyang teritoryo.

Tulad ng nabanggit na sa paglalahad ng likas na kasaysayan ng kilusang komunista sa Kordilyera, wala pang partikular na linyang pampulitika ang kilusang komunista sa Kordilyera noong mga panahong nagsisimula pa lamang ito, *i.e.* 1971-73. Noong 1974, nagsimula nang umusbong ang isang pananaw sa loob ng kilusang komunista sa Kordilyera na nagtataguyod ng sarili nitong linyang panpulitika. Masasalamin ito sa pagsulpot ng panawagan sa pagbubuo ng ILA na bagamat nasagkaan ay nagpatuloy naman sa iba pang anyo at katawagan: ADDA, CBA, CPLA, at CPDF. Ang lahat ng ito ay manipestasyon ng paniniwalang may pangangailangan sa isang natatanging anyo ng kilusan para sa Kordilyera na kaiba sa pambansang saklaw. Kaiba ito hindi lamang sa anyo kundi maging sa mga isyung dinadala nito.

Ang nahubog na natatanging linyang pampulitika ng kilusang komunista sa Kordilyera ay dulot ng inter-aksyon nito sa katutubong kultura ng Kordilyera. Sa mga panahong malamig ang pakikitungo rito ng mamamayan, napipilitan nitong isantabi ang dogmatikong mga pormulasyon na inilatag ng pambansang kilusang komunista.

Ang pinakatampok na halimbawa nito ay ang pagtakwil sa konseptong antipyudal na pakikibaka ang susing kawing ng gawaing masa sa kanayunan ng Kordilyera. Sa halip, tinutukoy na pangunahing suliranin ng mamamayan ng Kordilyera ang "pambansang pang-aapi":

> *National oppression is the violation by the state of our right to self-determination and equality. It is manifested in the violation of our ancestral land rights; the curtailment of our freedom to maintain and develop indigenous economic, cultural, and socio-political systems; the disregard of our right to equal status with other citizens of the country (CPDF: 1989:5).*

Ang inihahaing solusyon sa suliranin ng pambansang api ay ang sariling pagpapasya ng mamamayan ng Kordilyera sa pamamagitan ng pagtatayo ng isang tunay na awtonomong pamahalaan para sa rehiyon, na tinatawag nitong Cordillera People's Revolutionary Autonomous Government (CPRAG). Ang deskripsyong "rebolusyonaryo" ay palatandaan ng pag-iiba nito at di pagkilala sa klase ng awtonomiyang ipinanukala ng pamahalaang Aquino para sa Kordilyera.

Ang katangian ng kaayusang ipapalit sa Kordilyera sa pamamagitan ng CPRAG ay:

> *The forms and processes of government shall conform with the particular culture and conditions of the masses in different parts of the Cordillera. Indigenous custom law and socio-political structures, systems, or institutions shall be recognized and respected; these may themselves serve as the form of law and governance in a given territory, should the people within such territory so desire. The wisdom and authority of traditional leaders shall likewise be respected; these leaders' participation in government processes shall be ensured. (CPDF, 1989:6).*

Sa pakikibaka para sa sariling pagpapasya, pinatatampok ng kilusang komunista sa Kordilyera sa kasalukuyan ang panawagan para sa pagtatanggol sa lupang ninuno. Kung susuriing mabuti ang mga konsepto ng kilusang komunista sa Kordilyera tungkol sa pambansang pag-aari, sariling pagpapasya, at lupang ninuno, mapapansing mas malapit pa ito sa pilosopiya ni Macliing Dulag kaysa kay Marx.

Sa mga elemento ng pangkalahatang linyang pampulitika ng CPP, ang katanggap-tanggap para sa kilusang komunista sa Kordilyera ay ang pagdidiin nito sa sandatahang pakikibaka. Tumutugma ito sa mga kulturang mandirigma na umiiral sa mga *Kalinga* at *Bontok*. Sa mga lipunang ito, ang sariling katauhan ng isang *ili* ay lalong napapalakas sa pamammagitan ng patuloy na pagdidiin sa kaibahan nito sa mga kaaway na *ili*. Ito ang dahilan kung bakit patuloy rito ang "digmaan ng mga tribu," may NPA man dito o wala.

Sa konsepto ng pagsusulong ng sandatahang pakikibaka sa Kordilyera, ibinabaling ang pakikidigma sa panlabas na mga puwersa tulad ng mga sundalo ng AFP, na kadalasang mga taga-patag tulad ng mga Ilokano o Panggasinan. Ang konsepto ng sandatahang pakikibaka ay itinutugma sa *fetad*:

> *FETAD! is the traditional call addressed to all people in a community: from children and youth to men, women and the elderly. It is a summons to battle, armed or unarmed, against a common enemy (CPDF, 1989:8).*

Makikita natin sa paglalahad na ang kilusang komunista sa Kordilyera ay nagtataglay ng isang natatanging katutubong ideolohiya habang sa panlabas ay napapalamutian ng mga retorikong Marxista. Ang katutubong ideolohiyang ito ay nagsimulang magkahugis noong 1974, pinagtangkaan sikilin, ngunit nagpatuloy, hanggang sa yumabong noong 1981 hanggang sa kasalukuyan.

May katotohanan ang obserbasyon ni Agbayani (1987) tungkol sa pag-unlad ng tunguhing "indihenista" sa kilusang komunista sa Kordilyera. Gayunpaman, itinumbas niya ang tunguhing ito sa nabuong CPLA na humiwalay na sa kilusang komunista sa Kordilyera. Kung gayon, maaaring ipalagay na hindi na "indihenista" kundi puristang "pambansang demokratiko" ang nalabî sa kilusang komunista sa Kordilyera.


FETAD

TOTAL WAR IN THE CORDILLERA

Hindi ganito ang pinapatunayan ng pang-ideolohiyang larangan ng kilusang komunista sa Kordilyera kahit pa man humiwalay na ang CPLA.

Ang pundasyon ng larangang pang-ideolohiya ng kilusang komunista sa Kordilyera ay ang kritisismo sa kasalukuyang sistemang dinaranas ng mamamayan ng Kordilyera kung saan tinitingnang inaapi ang mga ito ng mas nakalalaking pambansang lipunan sa pamamagitan pangunahin ng pamahalaan at ng militar. Mula sa pananaw na ito, may adhikain na mapalitan ang sistemang ito ng isang lipunang higit na makatuwiran at tumutugma sa mga pangangailangan ng mamamayan ng Kordilyera. Ang bagong kaayusang ito ay pinaniniwalaang makakamit sa pamamagitan ng pakikipaglaban at hindi basta darating lamang. Mangyayari rin ang pagbabagong ito dito sa lupa at hindi sa kabilang buhay.

Ang ebolusyon ng natatanging larangang pang-ideolohiya ng kilusang komunista sa Kordilyera ay produkto ng mga partikular na pagkakataon sa proseso ng pagsusulong nito ng pakikibaka sa Kordilyera. Nakatulong ang ilang impluwensyang Marxista para bigyang-matwid ang mga pagkilos nito, tulad ng pangangailangan mismo para sa isang rebolusyonaryong kilusan at ang patuloy na pagpaloob nito sa pang-organisasyong balangkas ng pambansang kilusang komunista. Gayunpaman, ang pangunahing nilalaman ng larangang pang-ideolohiya ng kilusang komunista sa Kordilyera ay nagmula sa katutubong ideolohiyang matagal nang umiiral sa mga lipunan doon.

## Ang Kilusang Komunista sa Kordilyera: Panlipunang balangkas

Ibat-ibang antas ng panlipunang balangkas ang kinatutuntungan ng kilusang komunista sa Kordilyera. Ito ay ang: (a) batayang yunit ng lipunan; (b) organisasyon ng kilusang komunista sa Kordilyera; (k) grupong etnolinggwistiko; at (d) pambansang lipunan.

*Batayang yunit ng lipunan*

Ang pamilya ang pinakabatayang yunit ng lipunan. Totoo ito para sa lipunang Pilipino. Totoo rin ito para sa kilusang komunista sa Kordilyera.

Ang mga miyembro ng pamilya ang pangunahing isinasanib sa kilusan. Ang mga kamag-anak ang pangunahing tagasuporta sa mga indibidwal na sumapi sa kilusang komunista. Pinapaniwalaang maaaring maging rebolusyonaryo ang isang pamilya. Ang isinagawang pag-aaral sa *Ifugao* na pinamagatang "Hinggil sa Sistemang Pagkakamag-anakan sa Timog Larangan" ang patunay na pinahahalagahan ng kilusang komunista sa Kordilyera ang pamilya.

Para sa kilusang komunista sa Kordilyera, may mulat na patakarang paliwanagan ang mga kamag-anak upang maunawaan nila ang layunin ng kilusang komunista. Binibigyan ang mga ito ng sipi ng mga pahayagan ng kilusan tulad ng *Dangadang, Fetad!* (pahayagan ng CPDF), *Ang Bayan* (pahayagan ng CPP) at *Liberation* (pahayagan ng NDF). Dinadalaw rin sila ng iba pang mga miyembro ng kilusan upang mapaliwanagan. Ang pagdalaw rin ng mga *kadua* (ang tawag sa kasama sa kilusan) ay may layuning ipakita sa pamilya na mga taong may reputasyon ang kasapi ng kilusan. Hindi kaiba ang mga estilo ng ganitong pagmumulat sa isinasagawa ng ilang relihiyosong misyonero.

Naniniwala ang kilusang komunista sa Kordilyera sa pangangailangang bigyan ng rebolusyonaryong oryentasyon ang pamilya. Gayon din, hinahangad nito ang patuloy na pagdami ng pamilya ng mga rebolusyonaryo. Sa ganitong konteksto pumapasok ang kahalagahan ng ritwal ng kasal sa loob ng kilusan.

May espesipikong mga patakaran ang kilusang komunista sa Kordilyera patungkol sa panliligaw at pag-aasawa na nakasulat sa mga dokumentong "On the Relationship of the Sexes" at ang "Mga Tuntunin sa Pag-aasawa sa Loob ng Partido."

Isinasapraktika ng kilusang komunista sa Kordilyera ang endogamong pamamaraan ng pag-aasawa. Maaari lamang mapangasawa ang isang kapwa *kadua*. Kapag hindi kasapi

ng kilusang komunista ang nililigawan, kinakailangang mapatunayang maaari siyang mapasanib sa kilusan sa loob ng anim na buwan.

Sa pagkakataon namang ang liligawan ay kasapi rin ng kilusang komunista, kailangan munang humingi ng pahintulot ang may balak manligaw sa kanyang nakatataas na organo. Ang organong ito naman ang magpapaabot ng intensyon sa nakatataas na organo ng taong gustong ligawan. Layunin ng ganitong pamamaraan na mapangalagaan ang seguridad ng kilusan sa pamamagitan ng pagpapanatili sa sistema ng kumpartmentalisasyon ng mga organo. Isa pang layunin ay para maiwasan ang sabay-sabay na panliligaw sa iisang *kadua* na maaaring magbunga ng di mainam na relasyon sa mga nanliligaw. Isa lang ang maaaring manligaw sa isang panahon at kapag hindi nagkaayusan ang dalawa ay saka lamang maaaring manligaw ang iba pa. Ang mga lalaki at mga babae ay may pantay na karapatang manligaw.

Kapag nagkasundong maging magkasintahan ang isang lalaki't isang babae, gumagawa sila ng programa sa pagpapaunlad ng kanilang relasyon. Kinakailangang parehong naroroon ang personal at pulitikal na mga batayan ng kanilang pagiging "magkarelasyon."

Idinidiin sa dalawa na kailangang pangunahin ang pampulitikang aspeto ng relasyon kaysa sa personal, bagamat mas madali itong sabihin kaysa sa gawin. Ipinagbabawal ang pakikipagtalik hanggat hindi pa kasal. Ang lumabag dito ay may katapat na aksyong pandisiplina na maaaring babala o mahigpit na babala. Ang panggagahasa ay maaaring patawan ng pagpapatalsik sa kilusan.

Kadalasan, may minimum na isang taong palugit bago nagdedesisyong magpakasal ang "magkarelasyon." Muli, hihingi sila ng pahintulot na magpakasal. Pumipili sila ng magiging ninong at ninang sa kasal pati na rin ang *kadua* mula sa nakatataas na organo na mangangasiwa sa ritwal ng kasal.

Ang ritwal ng kasal ay dinadaluhan ng mga kasama sa kolektibo ng dalawang panig sa kasal, ng mga ninong at ninang, at ng malalapit na kamag-anak na nakauunawa sa adhikain ng kilusang komunista. Isinasalaysay ng ikakasal ang kasaysayan ng kanilang relasyon. Sa aktwal na seremonya,

ibinabalabal ang isang pulang bandila ng CPP sa balikat ng ikakasal. Pagkatapos, itinataas nila ang kanilang mga kamao habang binibigkas ang sumusunod na sumpa:

> *Kami, ______ at ______, ay kusang loob na nagkakaisang-dibdib bilang mag-asawa sa araw na ito.*
>
> *Bilang mga kasapi ng Partido, buong puso kaming nakatalaga sa pagtupad sa aming tungkulin sa rebolusyon at puspusang magsisikap upang ito'y isulong.*
>
> *Nanunumpa kaming tutupdin ang mga tungkulin sa isa't isa at igagalang ang karapatan ng isa't isa alinsunod sa mga tuntunin ng Partido tungkol sa kasal.*
>
> *Walang sinuman sa amin ang maaaring bumiwalay sa aming relasyong mag-asawa nang walang makatarungang dahilan at nang walang pahintulot ng Partido.*
>
> *May karapatan kaming sumangguni sa Partido at humingi ng payo nito kailanma't may suliranin kami. May karapatan din ang bawat isa sa amin na magharap ng anumang kailangan sa ikatutupad ng aming kasunduan bilang mag-asawa.*
>
> *Kami ay nanunumpa na walang sinuman sa amin ang magiging hadlang sa pangkalahatang kapakanan ng rebolusyon at ng mamamayan.*

Matapos ang pagsumpa, nilalagdaan ng mga ikinasal, ng kanilang mga ninong at ninang, at ng nagkasal ang Kontrata sa Kasal. Nagkakaroon din ng munting salu-salo pagkatapos.

Naisalaysay ng nakatatandang mga kasapi ng kilusang komunista sa Kordilyera na noong mga unang taon ng kilusan, binibigyan ng tigisang bala ang ikakasal. Ito diumano ay sagisag na tungkulin ng isa na patayin ang kanyang asawa kung ito'y nagtakwil sa kilusan.

Ang pamilya sa kilusang komunista ay monogamo. Gayunpaman, pinapahintulutan ang diborsyo kung hindi na talaga magkasundo ang mag-asawa. Pinapatawan ng aksyong pandisiplina ang sinumang mangaliwa, mula babala, mahigpit na babala hanggang suspensyon, depende sa bigat ng pagkakasala.

May pantay na karapatan ang mag-asawa sa lahat ng usapin. Mahigpit ding ipinagbabawal ang pananakit sa asawa na mayroon ding katumbas na aksyong pandisiplina.

Hindi sinasang-ayunan ang relasyong homosekswal na itinuturing nitong produkto ng burgis na kultura.

Sinasabing ang mga patakaran ng CPP tungkol sa pag-aasawa ay nabuo habang nakabase ang pambansang pamunuan ng CPP sa Isabela. Sa gayon, malakas ang impluwensya rito ng konserbatibong pananaw sa pag-aasawa ng kulturang Ilokano. Ginagamit ng kilusang komunista sa Kordilyera ang alituntuning ito para sa mga sarili nitong puwersa. Gayunpaman, sa konteksto ng kultura ng Kordilyera, nagkakaroon ito ng kakaibang mga kahulugan. Nabanggit na ang sagradong dimensyon ng *sapata*. Nariyan din ang malakas na impluwensya ng angkan maging sa mga kasapi na ng kilusan. Partikular sa *Ifugao*, naging suliranin ang pagbabawal sa pagtatalik bago mag-asawa dahil kabaligtaran ito ng katutubong sistema ng pag-aasawa.

Kung titingnan ang kasapian ng kilusang komunista sa Kordilyera, hindi kagulat-gulat na mapag-alamang binubuo ito ng magkakaugnay na mga magkakamag-anak. Kadalasan, sa hanay ng namumunong mga kasapi, may kaugnayan ang isa sa isa ayon sa dugo o sa kasal. Dulot ito ng sadyang pagpapahalaga sa kamag-anak at dahilan na rin sa sistemang endogamo.

Kung susuriin ang pamunuan ng kilusang komunista sa Kordilyera, makikitang may mga pinuno na magkakamag-anak sa isa't isa. May dalawang prominenteng pamilya na nagluwal sa ilan sa pinakakilalang mga pinuno ng naturang kilusan. Ang isa ay isang pamilyang *Ibaloy* samantalang ang isa naman ay pamilyang *Kankanaey*. Ang dalawang pamilyang ito ay nagkaroon ng ritwal na pag-uugnayan sa pamamagitan ng pagpapakasal ng lalaki mula sa pamilyang *Kankanaey* sa babae mula sa pamilyang *Ibaloy*. Ang alyansa ng dalawang pamilyang ito ay nag-usbong sa isang makapangyarihang angkan sa kilusang komunista sa Kordilyera.

### *Ang organisasyon ng Kilusang Komunista sa Kordilyera*

Ang kilusang komunista sa Kordilyera ay may pormal na istruktura para epektibong ipatupad ang mga layunin nito.

Hindi ito simpleng pagtitipon ng mga indibidwal na kasapi. Ang indibidwal na mga kasaping ito ay nakapaloob sa pormal na mga kolektibo at ang bawat organo ng kilusan ay may pang-istrukturang kaugnayan sa isa't isa.

Tulad ng nabanggit na, hindi limitado ang katawagang "kilusang komunista sa Kordilyera" sa organisasyon ng CPP sa rehiyon. Saklaw rin nito ang iba pang rebolusyonaryong mga organisasyon, na bagamat di mga miyembro ng CPP ay kinikilala ang pamumuno ng CPP. Sa ibang organisasyon tulad ng KM, ang pagkilalang ito sa pamumuno ng CPP ay tahasang nakasulat sa Saligang Batas nito (KM, 1984:50). Sa iba naman, ang pagkilala sa pamumuno ng CPP ay tinitiyak subalit di-nakasulat sa anumang mga dokumento nito.

Ang relasyong ito ng iba't ibang organisasyon sa loob ng kilusang komunista sa Kordilyera ay malinaw na ipinapaliwanag ng sumusunod:

> *In developing the revolutionary mass movements, we rely on three types of organized forces: the Party, national democratic groups, and anti-fascist orgaizations...*
>
> *Broadly speaking, the relationship between the three types of organized forces is one of concentric circles, with the Party at the core, national democratic groups enveloping it, and the anti-fascist and other legal organizations surrounding these in turn...*
>
> *These concentric circles are expressive of our efforts to have the Party, or more accurately Party committees, always at the center of anti-fascist and other legal activities leading these activities without being clearly visible to the enemy (CPP, 1978:7-8).*

Sa kongkreto, ang nasa pinakaloob na sirkulo ay ang organisasyon ng CPP sa Kordilyera. Ang ikalawang sirkulo ay ang CPDF, NPA at iba pang organisasyon ng NDF sa Kordilyera tulad ng KM. Ang pinakalabas na sirkulo ay ang mga legal na organisasyong pinamumunuan ng CPP. Para sa seguridad ng mga kasapi nito, hindi na babanggitin kung anu-ano ang legal na mga organisasyong ito.

Ang organisasyon ng CPP sa Kordilyera ang pinakaorganisado sa tatlo. Binubuo ito ng mga elemento

na laging handa na kung maaari'y kumikilos nang buong-panahon para sa kilusan. Tinatawag na "kadre" ang pinakaabanteng mga miyembro ng CPP. Mapapansing ang pamunuan ng kilusang komunista sa Kordilyera ay binubuo sa kalakhan, kung hindi man lahat, ng mga intelektwal. Marami sa mga ito ang sumapi sa kilusan habang nag-aaral sa mga pamantasan sa Baguio, Maynila o Los Banos.

Ang CPP sa Kordilyera ay may teritoryal na mga organo. Ang pinakabatayang yunit nito ay ang "sangay" na itinatayo sa bawat komunidad, paaralan, pagawaan o opisina saanman may minimong tatlong kasapi ng Partido. Sa antas ng bayan, nariyan ang "seksyon" na nangangasiwa sa ibat-ibang sangay. Mas mataas sa seksyon ay ang mga "komite sa distrito," "komite sa lalawigan" hanggang sa "panrehiyong komite."

Bukod sa mga teritoryal na organo, may itinatayong mga espesyal na organo ang CPP para sa di karaniwang mga tungkulin, tulad ng *staff* para sa pinansya, komunikasyon, edukasyon at propaganda, at iba pa. Mayroon ding mga espesyal na organo para pangasiwaan ang gawain ng Partido sa partikular na mga sektor: kabataan, kababaihan, manggagawa, at iba pa.

Ang Panrehiyong Komite ng CPP sa Kordilyera ay nakapailalim sa Komite Sentral ng CPP sa partikular na pangangasiwa ng Komisyon sa Hilagang Luzon nito.

Ang hukbong sandatahan ng CPP ay ang NPA. Organisado ang NPA ayon sa pormasyong militar: mula *squad, platoon,* kumpanya hanggang batalyon. Hindi lahat ng NPA ay kasapi ng CPP. Mayroon lamang grupo ng Partido sa loob ng NPA.

May espesyal na organo ng Partido na nangangasiwa sa CPDF. Ang dating Tagapangulo ng CPDF ay siya ring dating kalihim ng CPP sa Kordilyera. Ang CPDF naman ay binubuo ng mga "balangay" sa sumusunod: (a) pamayanan, baryo at sityo; (b) "tribu"; (k) komunidad ng mga manggagawa sa mga minahan at iba pang pagawaan; (d) komunidad ng mala-proletaryo o maralita ng lungsod; (e) paaralan; at (g) mga grupo sa labas ng Kordilyera pati na sa ibayong dagat. Ang CPDF ay kasaping organisasyon ng NDF.

*Grupong etnolinggwistiko*

Ang kilusang komunista sa Kordilyera ay kumikilos sa ng rehiyong binubuo ng ibat-ibang grupong et-nolinggwistiko

tulad ng *Kalinga, Bontok, Kankanaey, Ifugao, Kalanguya, Ibaloy, Tinggian* at *Isneg*. Karamihan sa mga kasapi ng kilusang komunista sa Kordilyera ay nagmula sa mga grupong etnolinggwistikong ito.

Gayunpaman, bilang bahagi ng pambansang kilusang komunista, nagdidisposisyon ang pamunuan ng huli ng mga kadre nito sa Kordilyera. Kadalasan, sila ang binibigyan ng pinakamahalagang pusisyon sa pamumuno sa mga komite. Ang mga namumunong kadreng ito ay mga Ilokano, Tagalog, Waray, at iba pa. Mayroon ding mga yunit ng NPA mula sa ibang mga rehiyon na ipinapadala sa Kordilyera upang doon magsanay. Habang nasa Kordilyera, ipinapaloob sila sa istruktura ng kilusang komunista sa Kordilyera. Dahil sa mga sitwasyong ito, nagkaroon ng dalawang bloke ng mga kasapi ng kilusang komunista sa Kordilyera ayon sa grupong etnolinggwistiko: ang mga "taga-Kordilyera" at ang mga "taga-labas" o "taga-patag."

Hindi laging maayos ang ugnayan ng dalawang grupong ito. Nagkakaroon ng maliliit na alitan sa pagitan ng isa't isa tulad sa usapin ng klase ng luto ng pagkain. May mga pagkakataon namang pakiramdam ng ilang kasaping taga-Kordilyera na maging sa loob ng CPP, sila ay naaapi. Nagiging katanungan ang pagiging lamang ng mga taga-patag sa pamunuan. Halimbawa, aapat lamang ang kasaping minorya sa 15-kataong Komiteng Rehiyon na itinayo noong 1981.

Nagkaroon ng suspetsa ang ilang kasaping taga-Kordilyera na ginagamit lamang ng CPP ang Kordilyera bilang lunsaran ng rebolusyon nito ngunit hindi naman ito talaga interesado sa kapakanan ng mga taga-Kordilyera. Ang ganitong pagdududa ay humantong sa paghiwalay na nga ng buong Kumpanyang Lumbaya ng NPA na kanilang nireorganisa bilang CPLA.

Ang paghiwalay ng CPLA ay nagtulak sa kilusang komunista sa Kordilyera na siguraduhin ang higit na maayos na ugnayan sa pagitan ng mga kasaping taga-Kordilyera at di taga-Kordilyera. Dahil dito, nabawasan ang sentimyentong kontra sa mga taga-labas sa hanay ng kilusang komunista. Higit pa ngang nagkaroon ng pagkakaisa sa loob ng kilusan laban sa kakumpetensyang grupo, ang CPLA. Gayunpaman, hindi masasabing tuluyan nang nawala ang kontradiksyon sa pagitan

ng mga taga-patag at taga-Kordilyera. Maaari uli itong sumulpot sa hinaharap.

Maging sa hanay ng mga kasaping taga-Kordilyera, may sumusulpot ding mga suliranin sa pagitan ng mga kasaping nagmumula sa iba't ibang grupong etnolinggwistiko o "tribu." Kapag pumuputok ang digmaan sa pagitan ng dalawang kultural na rehiyon, halimbawa sa pagitan ng Butbut at Sumadel na pawang mga *Kalinga*, nakakaapekto ito sa mga kasapi ng kilusang komunista na nagmumula sa mga grupong ito. Upang maiwasan ang komprontasyon sa loob mismo ng kilusan, humihingi ng paalam ang ilang kasapi upang umuwi sa kanilang komunidad at doon nakikilahok sa pakikidigma sa kalabang "tribu". Kung gayon, masasabi nating mas malakas ang hatak ng sariling etnisidad kaysa sa katungkulan sa kilusan.

Sa panahong may mga hidwaan sa loob ng kilusang komunista sa Kordilyera, mapapansing ang pagkakahati ay ayon sa etnikong pagkakahati. Ang pangunahing mga nagtatag sa CPLA, sina Balweg, Molina at Ortega, ay pawang mga *Tinggian*. Nakuha nito ang puwersa ng kilusang komunista sa timog-silangang Abra at mga kanugnog na bayan nito. Matatag naman ang CPDF sa hanay ng mga *Kankanaey*. Si Capegsan at karamihan sa namumunong mga elemento ng CPDF ay mga *Kankanaey*. Hindi kataka-taka, kung gayon, na sa Sagada ginanap ang Konggreso ng CPDF. Noong maagang mga taon ng kilusang komunista sa *Ifugao*, malakas ito sa hanay ng mga Tuwali. Nang magbitiw sa kilusan si Ka Elias, ang pangunahing lider ng kilusan sa *Ifugao* na mula sa Tuwali, nanghina na rin ang NPA sa lugar ng mga Tuwali. Sa ngayon, nananatili na lamang ang NPA sa hanay ng mga Ayangan sa *Ifugao*.

Ang lakas ng hatak ng sariling grupong etnolinggwistiko at ang relatibong mahinang pagkakaisang supra-etnolinggwistiko ay hindi kataka-taka. Ang mga komunidad sa Kordilyera ay pangunahing mga awtonomong pamayanan na nakikipag-ugnayan lamang sa isa't isa dahil sa pangangailangang makipagkalakal at iba pang aktibidad na pang-ekonomiya (Service, 1971:279). Walang anuman sa kasaysayan ng Kordilyera na nabuo ang isang kamulatang pan-Kordilyera. Hindi tinuturing

ng isang *Kalinga* ang sarili niya bilang *Igorot* kundi bilang *Kalinga* o di kaya'y bilang kasapi ng pamayanang Butbut. Gayunpaman, sinisikap ng kilusang komunista sa Kordilyera na paunlarin ang kamulatang pan-Kordilyera sa pamamagitan ng pagpapatanyag ng konsepto ng "Kaigorotan."

*Ang pambansang lipunan*

Ang kilusang komunista sa Kordilyera ay hindi namumuhay nang nagsasarili. Nasa loob ito ng mas malawak na pambansang lipunan. Kinikilala ng kilusang komunista sa Kordilyera ang pagiging bahagi nito sa pambansang lipunan. Dito ito naiiba sa mga grupong tulad ng MNLF na hindi kinikilala ang integridad ng bansang Pilipinas.

Makikita ang paningin ng kilusang komunista sa Kordilyera tungkol sa relasyon nito sa pambansang lipunan sa sumusunod na mga pahayag nito:

> *We, the peoples, who inhabit the Cordillera, are Filipinos. We know that the problems we face are linked with those that confront the entire Filipino nation. Our region cannot be liberated unless the nation itself is freed of imperialism, feudalism and bureaucrat capitalism (CPDF, 1989:1).*

Kaiba rin sa MNLF, hindi hinahangad ng kilusang komunista sa Kordilyera ang paghiwalay sa Pilipinas:

> *The Cordillera cannot secede from the Philippine nation as this will be unrealistic, geographically and otherwise. The problems of the Cordillera peoples have the same material and political bases as those of other Filipinos; secession is not the answer to these problems. The struggle of the Cordillera peoples is already linked with the nationwide struggle of all Filipinos; secession does not figure as a logical direction in this struggle (1989:5).*

Ang pagiging bahagi ng kilusang komunista sa Kordilyera ng pambansang kilusang komunista ay isang lohikal na hakbang dahil sa pagkilala nito sa kabuuang pambansang lipunan. Ang CPP sa Kordilyera ay nakapaloob sa pambansang istruktura ng CPP bilang isa sa teritoryal na mga organo ng huli. Gayon din, ang CPDF ay kasaping organisasyon ng NDF.

May importanteng papel ang kilusang komunista sa Kordilyera sa pambansang pulitika. Kinikilala ng pamahalaan ang lakas nito at impluwensya sa rehiyon ng Kordilyera. Ang mga pagkilos ng kilusang komunista sa Kordilyera ay mayroon ding epekto sa hugis ng pulitika sa bansa.

Para maipatupad ng pamahalaan ang programa nito upang makamit ang kapayapaan sa bansa, nakipagnegosasyon ang pamahalaan sa kilusang komunista sa Kordilyera. Gumawa rin ng mga hakbang ang pamahalaan para maipatupad ang probisyon ng Saligang Batas ng Republika ng Pilipinas tungkol sa pagtatayo ng awtonomong rehiyon para sa Kordilyera, na isa sa pangunahing kahilingan ng kilusang komunista sa Kordilyera.

Ang landas na tatahakin ng kilusang komunista sa Kordilyera sa hinaharap ay nakabatay rin sa maaari pang mangyari sa pambansang lipunan. Sigurado, ang anumang bagong krisis sa ekonomiya at pulitika na maaaring dumating sa bansa ay makakaapekto muli para lalong magpursigi ang kilusang komunista sa Kordilyera na isulong ang kanyang pampulitikang *agenda*.

## Konklusyon

Bilang pagtatapos, dapat masagutan ang sumusunod na mga katanungan: (a) Bakit ikinakategoryang isang kilusang pampulitika ang kilusang komunista sa Kordilyera? at (b) Ano ngayon ang kabuluhan ng pag-aaral sa kilusang komunista sa Kordilyera bilang isang kilusang pampulitika?

Makikita sa pag-aaral na ito na ang kilusang komunista sa Kordilyera ay isang magandang halimbawa ng isang s. Pumapasa ito sa mga pamantayang itinakda ni Wallace (1970; 1974; 1975) para sa isang kilusang pampulitika. Isa itong klase ng *revitalization movement* na may tahasan, organisado at mulat na pagsisikap na maitatag ang higit na paborableng lipunan para sa Kordilyera. Gayunpaman, kaiba sa mga sekta at iba pang kilusang relihiyoso, pangunahin itong gumagamit ng mga pamamaraang sekular sa mga pagkilos nito upang makamit ang kanyang mga layunin. Bagamat hindi purong sekular ito dahil may mga elementong relihiyoso sa mga simbolong ginagamit, napapanatiling minimal ang huli kung di man hayagang ikinakaila.

Tulad din ng mga katangiang binanggit nina Santico-Rolda at Panopio (walang petsa), ang kilusang komunista sa Kordilyera ay sumulpot dahil sa krisis na idinulot ng pagdodomina ng kultura ng mayorya sa lipunang Pilipino, na tinatawag ding "pambansang kultura", sa katutubong kulturang umiiral sa rehiyon ng Kordilyera. Kinatatampukan ng sigasig ang kilusang komunista sa Kordilyera upang tugunan ang krisis na ito sa pamamagitan ng mga mensaheng etno-nasyonalistiko. Sa proseso, humahantong ito sa armadong kumprontasyon sa pinaniniwalaang mga kalaban.

Naaangkop din ang deskripsyon ni Edelman (1964) tungkol sa katangian ng mga pinuno ng mga kilusang pampulitika. Bagamat ang mayorya ng kasapian ng kilusang komunista sa Kordilyera ay nagmumula sa hanay ng mga magbubukid, ang pamunuan naman ng naturang kilusan ay pangunahing binubuo ng mga intelektwal.

Sa pamamagitan ng paglalahad sa likas na kasaysayan ng kilusang komunista sa Kordilyera, naipakita ang pagsisimula at pag-unlad ng naturang kilusang pampulitika. Ang pagsusuri sa larangang pang-ideolohiya at panlipunang balangkas ng kilusang komunista sa Kordilyera ay nagpatampok sa mga katangian nito bilang isang kilusang pampulitika.

Ang pag-aaral na ito tungkol sa kilusang komunista sa Kordilyera bilang isang kilusang pampulitika ay isang ambag sa pagpapayaman sa pag-unawa tungkol sa konsepto ng kilusang pampulitika. Kakaunti ang naisagawang mga antropolohikal na pag-aaral, lalung lalo na sa Pilipinas, tungkol sa mga kilusang pampulitika. At sa pamamagitan ng pag-aaral na ito tungkol sa kilusang komunista sa Kordilyera, maaari pa nating mapayaman ang depinisyon at katangian ng mga kilusang pampulitika.

Ang mga pag-aaral ni Wallace (1970; 1974; 1975) at iba pang antropolohista ay nakatulong nang malaki sa paglulugar sa isang kilusang pampulitika sa kabuuang kategorya ng *revitalization movements*. Gayunpaman, may kakulangan ang mga ito sa pagpapalalim sa partikular na penomenon ng mga kilusang pampulitika. Sa katunayan, mayroon akong ilang suliranin sa pagkakahating ginamit ni Wallace sa mga pamamaraang sekular at relihiyoso bilang pag-iiba sa mga

kilusang pampulitika. Madaling gamitin ang ganitong modelo sa konteksto ng isang Kanluraning kultura, na may malinaw na pagkakahati ang relihiyon sa pulitika. Sa maraming kultura sa Silangan, hindi ganito ang kaso. May pagpapatung-patong ang hangganan ng larangan ng relihiyon at ng larangan ng pulitika. Halimbawa, sa pag-aaral ni Leach (1954) tungkol sa Burma, nasabi niyang:

> *The chief, it is true, holds no priestly office; yet his power derives from a religious role; the diviner has no formal political power, yet he is in a position of considerable political influence (1954:183).*

Sa kilos man ng isang indibidwal o grupo, hindi madaling sabihing, "Eto pulitikal, eto naman relihiyoso." Halimbawa, ang pagbabasbas ba ni Cardinal Sin kay Pangulong Corazon Aquino sa Luneta noong Pebrero 1986 ay isang kilos na pulitikal o relihiyoso?

Ang isang elementong may timbang sa pagtatakda kung ang isang kilusan ay isang kilusang pampulitika ay ang mismong paggamit nito at pagdidiin sa mga prosesong pulitikal, tulad ng mga pamamaraan sa pagkamit (o pang-aagaw) ng kapangyarihang pampulitika, paglulunsad ng mga aksyong pampulitika, pagpapatupad ng sariling mga batas, at iba pa. Ang mga prosesong ito ay naipakita natin sa paglalahad tungkol sa kilusang komunista sa Kordilyera.

Kung babalikan natin ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito, hinahangad nitong unawain kung papaano umiiral at nananatili ang isang kilusang pampulitika, na naggigiit ng kanyang pamumuno, sa loob ng isang tradisyunal na lipunang kagaya ng sa Kordilyera, na may sarili namang katutubong sistemang pampulitika.

Sa pag-aaral na ito, naipakita ang mga prosesong nagaganap sa ugnayan sa pagitan ng kilusang komunista sa Kordilyera at ng tradisyunal na lipunang kinapapalooban nito. Ang mga prosesong ito ay katatagpuan ng mga pagtutunggali at katatagpuan din ng mga pagsasanib.

Noong simula, nang hindi pa gaanong buo ang sariling larangang pang-ideolohiya ng kilusang komunista sa Kordilyera, may malaking tunggalian na naganap sa pagitan ng kilusan at ng tradisyunal na lipunang Kordilyera. Ipinilit nito ang sarili

nitong mga paniniwala sa mga mamamayan ng *Ifugao*. Nagresulta ito sa pagkakahati-hati ng mga pamilya, angkan at komunidad sa isang kulturang dating may mahusay na pagsasamahan. Nakipagbanggaan ang kilusang komunista sa Kordilyera sa katutubong mga institusyong pampulitika sa lugar. Tinuligsa nito ang *kadanyan*, ang tradisyunal na namumuno sa lipunang *Ifugao*. Hindi rin nito kinilala ang katutubong mga batas.

Gayunpaman, ang tunggalian ding ito ay nagresulta sa pagliit ng suporta ng tradisyunal na lipunan sa kilusang komunista sa Kordilyera. Lumiit ang bilang ng mga sumasapi sa kilusan. Nabawasan ang mga pamayanang dating nagbibigay ng pansamantalang tirahan at nagpapakain sa mga kasapi ng kilusan. Dahil dito, nagkaroon ng mga pagbabago sa larangang pang-ideolohiya at panlipunang balangkas ng kilusang komunista sa Kordilyera bilang pag-angkop. Ang bagong mga paniniwala at bagong mga organisasyong sumulpot ay mayroon nang pagtugma sa mga pangangailangan ng katutubong lipunan. Nananatili ang pagsuporta sa kilusang komunista sa Kordilyera sa ilang bahagi ng rehiyon dahil mayroon itong gamit sa naturang lipunan. Halimbawa, ang mga aktibidad na tulad ng pakikidigma ay mayroong partikular na kahalagahan para sa kultura ng Kordilyera. Sa gayon, masasabi nating nagkaroon ng pagsasanib sa pagitan ng kilusang komunista at ng katutubong kultura.

Dapat ipaalala na ang pagsasanib ng dalawang ito ay di nangangahulugan ng pagtatapos ng buong proseso. May sumusulpot na bagong mga tunggalian na maaari pang umigting sa hinaharap. Sa kasalukuyan, napapabalita ang matinding internal na kontradiksyon sa loob ng pambansang kilusang komunista. Siguradong makakaapekto ito sa kilusang komunista sa Kordilyera. Patuloy na iiral ang mga proseso ng tunggalian at pagsasanib na lalo pang magpapalinaw sa kakanyahan ng kilusang komunista sa Kordilyera.

Bilang pagtatapos, may kabuluhan ang pag-aaral na ito bilang tulong sa pag-unawa sa mga suliraning panlipunan sa bansa, lalung-lalo na sa usapin ng pagpapatuloy ng armadong labanan ng mga Pilipino sa kapwa Pilipino. Ang pag-aaral na ito ay isang munting kontribusyon sa patuloy na paghahangad ng sambayanang Pilipino ng kapayapaan para sa ating bayan.

## Tala

1. Maliban kay Aydinan at ilan pang nailathala na ang partisipasyon sa kilusang komunista sa Kordilyera, ang ibang pangalang babanggitin ay pawang mga alyas lamang upang mapangalagaan ang seguridad ng mga taong nasasangkot.
2. Ang mga impormasyon tungkol sa mga unang taon ng kilusang komunista sa Kordilyera ay nanggaling mismo kay Aydinan sa pamamagitan ng pakikipagpanayam sa kanya.
3. Ang impormasyon tungkol sa mga tunggaliang naganap sa kilusang komunista sa Kordilyera noong 1974 ay nagmula mismo kay Capegsan. May ilang nagsasabing isahang-panig lamang at paborable kay Capegsan ang upisyal na paglalagom Mga Sanggunian

## Mga sanggunian

*Mga pangunahing akda*


Aydinan, Abrino, Conrado Balweg at Andres Fernandez. "Forum," *Diliman Review.* Vol. 35 Nos. 5-6 (1987), pp. 38-49.

Balweg, Jovencio at Ka Yokan. "We Are Committed to Promote Cordillera Culture," *Liberation.* Vol 15 No. 3 (June-July 1987), pp. 8-9.

Communist Party of the Philippines. *Rectify Errors and Rebuild the Party.* London: Filipino Support Group, 1968.

————————. "Grasp the Principle of Revolutionary Mass Movements," *Talamdan.* Vol 2 (February 1978).

Cordillera Bodong Administration. *Pagta of the Cordillera Bodong.* Walang tagapaglimbag, 1986.

Cordillera People's Democratic Front, *Fetad.* Vol. 1 No. 1 (January 1988).

————————. *The General Program and Constitution of the CPDF.* Walang lugar: CPDF Publications, CPP Central Committee, 1989.

————————. *Our Urgent Tasks.* Manila: Solidarity Publishing House, 1978.

CPP Executive Committee. "Lead the Masses, Launch the Offensives," December 26, 1990 (Computer printout).

CPP Northern Luzon Commission. "Report to the 10th Plenum of the Central Committee," 1987 (Dokumentong nadakip ng AFP.).

__________. "Pangkalahatang Katangian ng Hilagang Luzon," (Nakamakinilya).

CPP Northwestern Luzon Regional Party Committee. "On the Agrarian Question in the Cordilleras," July 1981 (Nakamimyograp).

__________. "Preliminary Draft of the Program of the Cordillera People's Democratic Front," 1981 (Nakamakinilya).

__________. "Regional Social Investigation," 1981 (Nakamimyograp).

Demokratiko a Timpuyog Dagiti Agtutubo ti Kordilyera. "Constitution of the Demokratiko a Timpuyog Dagiti Agtutubo ti Kordilyera (DATAKO)," 1985 (Nakamimyograp).

__________. "Draft Outline Program Thrusts DATAKO, 1985-1987," 1985 (Nakamimyograp).

__________. "Orientation Paper of the National Minority Youth and Student Movement and Guide to DATAKO Organizing in the Cities and Town Centers." 1985 (Nakamimyograp).

__________. "Praymer Hinggil sa Datako." 1985 (Nakamakinilya).

Di Kilala. "The Irrelevance of the Traditional Bodong and the Tribal War in the Present Situation: A Proposed Study Article" (Nakamimyograp).

Guerrero, Amado. *Philippine Society and Revolution.* Walang lugar: Revolutionary School of Mao Tsetung Thought, 1970.

__________. "Specific Characteristics of Our People's War," December 1, 1974 (Nakamimyograp).

__________. "Aral Hinggil sa Rebolusyonaryong Sandatahang Pakikibasa Kanayunan," Agosto 1, 1977 (Nakamimyograp).

Kabataang Makabayan. *Mga Dokumento ng Ikaapat na Pambansang Konggreso ng Kabataang Makabayan.* Walang lugar: Palimbagang Anakpawis, 1984.

National Democratic Front. "On the Ten-Point Program of the National Democratic Front," *Liberation*, Vol. 8 (June 1980).

Partido Komunista ng Pilipinas. *Patnubay para sa mga Kadre at mga Kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas.* Walang lugar: Palimbagang Sentral, 1977.

______________. *Batayang Kurso para sa mga Kadre ng Partido.* Walang tagapaglimbag, 1982.

______________. "Mga Tuntunin sa Pag-aasawa sa Loob ng Partido." 1983 (Nakaxerox).

______________. *Batayang Kurso ng Partido.* Maynila: Komite sa Pagrerebisa ng Batayang Kurso ng Partido, 1984.

Peleador, Joven. "Towards a Progressive CPLA Wing," *Liberation.* Vol. 15 No. 5 (September 1987), p. 14.

Sison, Jose Ma. *The Philippine Revolution: The Leader's View.* New York: Crane Russak, 1989.

Mga Sekundaryong Akda

Agbayani, Rene. "The Political Movement in the Cordillera," *Diliman Review*, Vol. 35 Nos. 5-6, pp. 15-25.

Castro, Nestor T. "The Zigzag Route to Self-Determination," *Diliman Review*, Vol 35 Nos. 5-6 (1987), pp. 26-34.

______________. "La Revolution de Fevrier et la Lutte pour l'Autonomie de la Cordillere," *Le Temps Modernes.* Vol 44 No. 508 (1988), pp. 185-199.

Durkheim, Emile. *The Elementary Forms of Religious Life.* New York: The Free Press, 1915.

Edelman, Murray. *The Symbolic Uses of Politics.* Chicago: University of Illinois Press, 1967.

Florendo, Maria Nela B. *Resistances to Assimilation in the Cordilleras: A Historical Interpretation.* Di-nakalimbag na Disertasyong Ph.D. (Pilipinolohiya). Lungsod ng Quezon: Dalubhasaan ng Agham Pampulitika at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas, 1992.

Fried, Morton H. *The Evolution of Political Society: An Essay in Political Anthropology.* New York: Random House, 1967.

Haviland, William A. *Cultural Anthropology.* New York: CBS Publishing House, 1983.

Leach, E.R. *Political Systems of Highland Burma*. Boston: Beacon Press, 1965.

Nemenzo, Francisco at Nestor Castro. "Synthesis Report on the Cluster on Social Conflict," *New Asian Visions*. Vol. 4 No. 2 (1987), pp. 51-95.

Santico-Rolda, Realidad at Isabel S. Panopio. *Cultural Anthropology: Philippine Perspective*. Walang lugar: Katha Publishing Co., Inc, w.p.

Schurmann, Franz. *Ideology and Organization in Communist* China. Berkeley: University of California Press, 1966.


Wallace, F. C. Anthony. "Religious Revitalization: A Function of Religion in Human History and Evolution," Sa Eugene A. Hammel at William S. Simmons (pat.), *Man Makes Sense: A Reader in Modern Cultural Anthropology*. Boston: Little, Brown and Company, 1970.

____________________. "Revitalization Processes," Sa Thomas Weaver (pat.), *To See Ourselves: Anthropology and Modern Social Issues*. Glenview, Illinois: Scott, Foresman and Company, 1973.

____________________. "Revitalization Movements," *Readings in Anthropology*. Guilford, Connecticut: The Dushkin Publishing Group, Inc., 1974.

Whyte, Martin King. *Small Groups and Political Rituals in China*. Berkeley: University of California Press, 1974.

• • •




Pang-organisasyong balangkas ng teritoryal na mga organo ng Kilusang Komunista sa Kordilyera